# Ang Apatnapung Pambata

Mohammad bin sulaiman bin abdillah almahanna

- Esta edición fue traducida y diseñada por Osoul Center.


- Osoul Center permite la impresión y publicación de esta edición por cualquier medio, a condición de que se mencione la fuente y no se modifique el texto.
- En el caso de la impresión, se deben seguir los estándares de calidad aprobados por Osoul Center.



+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

# ANG PAMBUNGAD NG AKLAT

**Ang** lahat ng papuri ay sa Allah lamang na panginoon ng lahat ng nilikha, at nawa ang panalangin at kapayapaan ay mapasa ating propeta mohammad, at mapasa kanyang pamilya at mga kasamahan, pagkatapos:

Ang mga iskolar ay nag-akda ng maraming aklat sa pangalan na <<apatnapu>>, ang pinakatanyag sa mga ito ay <<ang apatnapu ni Nawawi>>, at ito ay ang apatnapung hadith mula sa mga hadith ng propeta- sumkanya ang pagpapala ng Allah at ng kanyang kapayapaan- na tinipon ni Imam An-nawawi -kahabagan siya ng allah - upang maisaulo ng mga estudyante at upang mapag-aralan nila ang mga kahulugan nito.

At kabilang din sa mga aklat na tinipon ang apatnapung hadith: Aklat na <<Ang apatnapu sa mga katibayan ng tawhid>> kay Harawi, At aklat na <<Ang apatnapung patungkol sa pagka panginoon>>kay Ibn Almufadh-dhal, At aklat na <<Ang apatnapung patungkol sa mga bayan >>kay Ibn Asakir, At maliban dito ay marami pa.

At Pinarangalan ako ng Allah kaya't ako ay tumipon ng apatnapung hadith mula sa mga Hadith na maiikli, na patungkol sa mga iba't ibang paksa na makarelihiyon; upang maisaulo ng ating mga anak at makabisado nila ang mga nilalaman nitong kaalaman, at pinangalanan ko ito ng <<apatnapung pambata[(1)]>> sa kadahilanang inakda ito na ang layunin ay para sa mga bata, at lahat ng mga hadith na ito na apatnapu ay mula sa mga hadith na sahiha (tama o tumpak) na pinagkasunduan ng dalawang magigiting na imam na si Al-bukhari at Muslim o dikaya ay mula sa mga hadith na isinalaysay ng isa sakanila- sumakanila ang habag ng allah-.

---

(1) At Ang al-wildan : ay ang maramihan ng salitang walad , at ang salitang al-walad ay ginagamit sa kasarian ng lalaki at babae, Ang Allah na katas-taasan, ay nagsabi : (Nagsasatagubilin sa inyo si Allāh hinggil sa mga anak ninyo na ukol sa lalaki ay katumbas ng bahagi ng dalawang babae). Ang salitang ito (Al-Wildan) ay isang marangal na salita na binanggit sa Qur'an sa higit sa isang lugar.

At Aking ipinaliwanag ang lahat ng hadith na mula sa mga hadith ng <<apatnapung pambata>> paliwanag na kung saan ipinapahayag ang ibig sabihin nito sa kabuoan, na isinasaalang-alang dito ang pagpapaikli at pagpapalinaw at pagpapadali ng parirala sa abot ng makakaya.

Panginoon Namin, tanggapin Mo mula sa amin; tunay na Ikaw ay ang Madinigin, ang Maalam, at tanggapin Mo ang pagbabalik-loob namin, Tunay na Ikaw ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maawain, at Magpaumanhin ka sa amin at sa mga magulang namin at sa mga mahal namin sa buhay at pati narin sa lahat ng mga muslim, At igawad mo ang basbas at kapayapaan at pagpapala sa aming Propeta Muhammad at sa lahat ng kanyang pamilya at mga kasamahan.

**Mohammad bin sulaiman**
**bin abdillah almahanna**

Riyadh

00966505490525

Twitter: @almohannam

E-mail: almohanna.m@gmail.com

# Anim na mga Senyas
# na napapaloob sa aklat na ito

1. Ang Aklat na ito ay Angkop sa mga Bata, at Angkop rin sa mga Matatanda, dahil walang napapaloob rito maliban sa talata (ayah) o hadith, o Patnubay na natutunan mula sa mga aklat ng mga iskolar sa salita o kahulugan nito.

2. Pinili ko ang mga hadith na ito na (maiikli) upang madaling mais-aulo, at pinag iba-iba ko ang mga paksa nito upang mas lumawak ang benepisyo na makukuha rito.

3. Inilagay ko ang mga hadith sa dulo ng aklat, at isinulat ko ang mga ito nang magkakasunod, Upang gawing mas madali at mas kapaki-pakinabang ito sa pagsasaulo at pagrerepaso.

4. Tinipon ko ang apatnapung pambata na ito (Al -arba'eynal wildani-yah) - sa orihinal (mula umpisa) - upang maisaulo ng mga maliliit (mga Bata), kaya't ipinapayo ko na magsagawa ng mga kumpeti-syon at mga programa upang isaulo ang mga ito, sa bahay, sa mga paaralan, sa mga club, at iba pa.

5 Hinihimok ko ang mga ama at ina, at mga gurong lalaki at babae, na basahin ang aklat na ito kasama ng mga anak na lalaki at babae, at mga mag-aaral na lalaki at babae, na ituwid ang kanilang mga dila bago isaulo ang mga hadith, at turuan sila ng mga asal ng Islam na natutunan mula sa mga hadith na iyon.

6 Bagama't binanggit ko sa pagpapaliwanag sa mga hadith ang maraming kahulugan, benepisyo at direksyon, ngunit ang natitira sa mga kahulugan, benepisyo at direksyon ay higit pang mas marami sa aking nabanggit, kaya't samakatuwid ay nais kong ipagpatuloy ng mga anak na lalaki at babae ang kanilang paghinuha at pagkuha sa mga ito nang mag-isa o kasama ng iba, at nais kong paghigpitan (isulat) nila ang mga benepisyong iyon, upang sila ay makinabang at magbigay pakinabang.

# 1

Ayon kay Abdullah bin Omar bin Al-Khattab -kaluguran nawa siya ng allah- siya ay nagsabi: Ang Sugo ng allah -sumakanya ang kapayapaan at mga pagpapala- ay nagsabi: **"Ang Islam ay itinayo sa lima: Pagpapatotoo (pagsaksi) na walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa allah, at si Muhammad ay Sugo ng allah, at Pagtatag ng pagdarasal (SALAH), At pagbibigay ng zakat (kawanggawa), at pagsasagawa ng hajj (peregrinasyon o paglalakbay sa banal na lugar), at pag-aayuno sa Ramadan."** [Napagkasunduan ang katumpakan nito][(1)]..

## Ang Paliwanag

Sa Hadith na ito, Ipinapahayag sa atin ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- na mayroong limang bagay na siyang pinakamahahalaga at pinaka obligadong obligasyon sa relihiyong Islam, at ang mga bagay na ito ay tinatawag na (Ang mga haligi ng Islam).

**Ang unang haligi:** Ang Pagpapatotoo (pagsaksi) na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa allah, at si Muhammad ay Sugo ng allah, at ang haliging ito ay ang pinakadakila sa mga haligi, kaya't Sinumang magsabi: (Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa allah, at Si Muhammad ay sugo ng allah) sa pamamagitan ng kanyang dila, at naniniwala siya dito sa kanyang puso, ay talagang siya ay pumasok sa relihiyong Islam.

(1) Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Pananampalataya, sa kabanata sa kasabihan ng Propeta, sumakanya ang kapayapaan: "Ang Islam ay itinayo sa lima," No. (8); At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (16).


**Ang pangalawang haligi:** Pagtatatag ng pagdarasal (salah); Ang salah ay ang pinakadakila sa mga haligi ng Islam (pagkatapos ng dalawang pagpapatotoo). Kaya naman ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay binanggit kaagad ito pagkatapos ng dalawang iyon.

**Ang ikatlong haligi:** Zakat; Ang Zakat ay isang halaga ng pera na tinukoy ng Sharia, na dapat ibigay ng isang Muslim sa mga dokha at mahihirap, at sa iba pang karapat-dapat na mga tao.

**Ang ikaapat na haligi:** Ang pag-aayuno ng Ramadan; Obligado para sa isang Muslim na mag-ayuno sa buong buwan ng Ramadan, maliban kung siya ay isa sa mga may dahilan.

**Ang ikalimang haligi:** Ang paglalakbay sa Banal na Bahay ng Allah (pag-sagawa ng hajj), ito ay obligado isang beses sa buhay ng isang tao, para sa mga may kakayahang gawin ito.

Ito ang limang haligi kung saan itinayo ang relihiyong Islam, at ang mga detalye ng mga tuntunin at kagandahang-asal nito ay binanggit sa mga aklat ng mga Aqeedah (paniniwala), at sa mga aklat ng fiqh (jurisprudence).



# 2

Ayon kay Anas bin Malik -kaluguran siya ng Allah- sinabi niya: Ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay tinanong tungkol sa mga malalaking kasalanan, at ang sinabi niya: **"Ang pagtatambal sa Allah, at pagsuway sa mga magulang, at pagkitil ng buhay, at pagpapatotoo ng kasinungalingan."** ((1)) napagkasunduan ang katumpakan nito.

## Ang Paliwanag

Sa hadith na ito, sinabi sa atin ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ang tungkol sa apat na bagay na siyang malalaking kasalanan at mga dakilang kasuwayan.

At ng mga malalaking kasalanan na binanggit ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- sa hadith na ito ay apat:

**Ang una:** Ang pakikipagtambal sa Allah; Dahil ang polytheism (pagtatambal) ay nagtutulak sa isang Muslim palabas ng Islam at umaakay sa kanya sa kawalan ng pananampalataya, at dahil ito ay isang dahilan para sa walang hanggang pananatili sa Impiyerno, tulad ng sinabi ng Makapangyarihan sa lahat:

---

(1) Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga Patotoo, Kabanata: Ano ang Sinabi Tungkol sa patotoo ng kasinungalingan, No. (2653); At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (88).

{*Talaga ngang tumangging sumampalataya ang mga nagsabi: "Tunay na si Allāh ay ang Kristo na anak ni Maria," samantalang nagsabi ang Kristo: "O mga anak ni Israel, sumamba kayo kay Allāh, na Panginoon ko at Panginoon ninyo." Tunay na ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay nagkait nga si Allāh sa kanya ng Paraiso at ang kanlungan niya ay ang Apoy. Walang ukol sa mga tagalabag sa katarungan na mga tagaadya]* ((2)).

**Ang pangalawa:** Pagsuway sa mga magulang; At kasama diyan ang: pag-iwan sa kanila, pagputol ng ugnayan sa kanila, pananakit sa kanila sa pamamagitan ng mga salita o kilos, gayundin ang hindi pagsunod sa kanila, at pag-abuso sa kanila sa iba't ibang uri ng pang-aabuso.

**Ang Pangatlo:** Ang Pagkitil ng Buhay; Ang pagkitil sa inosenteng kaluluwa ay isang malaking kasalanan, at ito ay isang sanhi ng poot ng Allah, at isang dahilan ng pagpasok sa Impiyerno, tulad ng sinabi ng Makapangyarihan sa lahat: *[ Ang sinumang papatay ng isang mananampalataya nang sinasadya, ang ganti sa kanya ay Impiyerno bilang mananatili roon. Magagalit si Allāh sa kanya, susumpa sa kanya, at maghahanda sa kanya ng isang pagdurusang sukdulan].* ((3))

**Ang Pang-apat:** **Ang pagpapatotoo ng kasinungalingan** (Pagtestigo ng walang katotohanan); At Ang (zr) siya din ang kasinungalingan, kaya't sinuman ang tumestigo laban sa iba na may maling patotoo, siya ay nakagawa ng isang kalapastanganang pahayag, at isa sa malalaking kasalanan.

At ang nararapat sa isang Muslim ay maging matapat sa lahat ng kanyang panahon at sitwasyon, at kabilang doon: ang katapatan sa pagbibigay ng patotoo, Kung hihilingin sa kanya na tumistigo tungkol sa isang bagay, maging sa presensya ito ng taga-hukom o sa ibang tao, nararapat sa kanya na sumaksi ayon sa katotohanan at katapatan, at paka iwasan niya ang az-zur at pagsisinungaling; Upang hindi siya mahulog sa isa sa mga malalaking kasalanan.

---

(2) : Surat Al-Ma'idah, Talata 72.

(3) : Surah An-Nisa, Talata: 93

# 3

Ayon kay Abdullah bin Amr -kaluguran silang dalawa ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -sumakanya nawa ang panalangin at kapayapaan ng Allah- ay nagsabi: **"Ang Muslim ay yaong ligtas ang mga Muslim mula sa kanyang dila at kamay."** ((1)) napagkasunduan ang katumpakan nito.

## Ang Paliwanag

Ang isang Muslim ay maaaring malakas sa pagsabuhay ng islam at maaari ring mahina, tulad ng isang mananampalataya ay maaaring malakas siya sa kanyang pananampalataya o mahina sa pananampalataya.

Kaya Ang Muslim na nagtataglay ng lakas, kasakdalan at pagiging ganap sa pagsasabuhay ng Islam ay siyang tunay na Muslim, at ang kanyang pinanghahawakang Islam ay yaon ang ganap na Islam na minamahal at kinalulugdan ng Allah.

Ang Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah- ay nagsabi sa atin sa hadith na ito na ang tunay na Muslim ay siyang nag-aalaga sa kanyang dila at kanyang kamay, kaya't Hindi niya nasasaktan ang mga Muslim sa pamamagitan ng kanyang dila o kamay.


---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Pananampalataya, Kabanata: Ang Muslim ay yaong mula sa kanyang dila at kamay ang mga Muslim ay ligtas, No. (10); At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (41).

Hindi niya sila minumura, hindi niya sila nililibak, at hindi niya sila sinasaktan ng kanyang dila, at lalong hindi niya sila pinapalo, hindi niya sila dinadaya, at hindi niya sila sinasalakay ng kanyang kamay.

Ito ang mga katangian ng isang taong ganap ang kanyang pagiging Islam: Ang maging ligtas ang mga Muslim mula sa kanyang dila at kamay.

Tungkol naman sa namiminsala sa mga Muslim sa pamamagitan ng kanyang dila o sa pamamagitan ng kanyang kamay, siya ay may kakulangan sa Islam, mahina sa pananampalataya, at siya ay hindi kalugud-lugod sa Allah, ang mapagpala at Dakila.



# 4

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Ang mga palatandaan ng mapagkunwari (munafiq) ay tatlo: kapag siya ay nagsalita siya ay nagsinungaling, kapag siya ay Nangako siya ay hindi tutupad, at kapag siya ay pinagkatiwalaan siya ay nagtaksil."**((1)) napagkasunduan ang katumpakan nito.

## Ang Paliwanag

Ang mga mapagkunwari ay kabilang sa mga masasama sa mga nilikha ng Allah, at ipinaalam sa atin ng Allah ang Makapangyarihan sa lahat, ang kanilang kalagayan sa Kabilang Buhay. Kaya siya ay nagsabi: (***Tunay na ang mga mapagpaimbabaw ay nasa pinakamababang palapag ng Apoy. Hindi ka makatatagpo para sa kanila ng isang mapag-adya***((2))**.**)

At sa hadith na ito, binanggit sa atin ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ang tatlong palatandaan; na ang Ibig sabihin ay tatlong palatandaan ng isang mapagkunwari; Ito ay para maiwasan natin, at magiging babala sa atin.

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Pananampalataya, Kabanata: Ang Tanda ng Mapagkunwari, No. (33); At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (59).

(2) : Surah An-Nisa, Talata: 145.

**Ang unang tanda:** Ang pagsisinungaling.

**Ang pangalawang tanda:** Ang pagsira sa pangako.


**Ang ikatlong palatandaan:** Ang paglabag sa tiwala.

Ang tatlong katangiang ito ang siyang katangian ng isang mapagkunwari.

Tungkol naman sa mananampalataya; Kapag nagsalita siya, nagsalita siya ng totoo at hindi siya nagsinungaling.

Kapag nangako siya sa isang tao, hindi niya sinisira ang pangakong iyon, bagkus ay gagawin at tutuparin niya ito.  At kung may isang tao na may ipinagkatiwala sa kanya, ibibigay niya ang ipinagkatiwala na yun sa kanya nang walang pag-aalinlangan, pagkaantala, o pagpapaliban.

Gayundin, kung may magsabi sa kanya ng isang balita o isang lihim, at hiniling sa kanya na itago ang balita o lihim na iyon, itatago niya ito at hindi sasabihin sa sinuman ang tungkol dito; Dahil ang pagsisiwalat ng mga sikreto ay isang uri ng pagtataksil. Hilingin natin sa Allah na iligtas tayo mula rito.



# 5

Ayon kay Jaber bin Abdullah -kaluguran siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Ang pagitan ng isang tao at polytheism (pagtatambal) at kuf'r (kawalan ng pananampalataya) ay ang pag-iwan ng pagdarasal (salah)."**[(1)] isinalaysay ni Muslim.

## Ang Paliwanag

Ang Salah (pagdarasal) ay ang pinakadakilang haligi ng Islam pagkatapos ng dalawang patotoo: (ang patotoo na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Sugo ng Allah); Kaya naman ang utos na itatag ito at ang pagbawal sa pag-iwan dito ay dumating sa maraming mga talata, at sa maraming mga hadith ng Propeta -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

Ang hadith na ito ay itinuro sa atin Ang Panganib ng kaluwagan sa usapin ng pagdarasal; nilinaw ng Propeta dito -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- na walang anumang pagitan ang isang tao at ng kawalan ng pananampalataya at polytheism (pagtatambal) maliban sa pag-iwan niya ng salah (pagdarasal). Magpapakupkop tayo kay Allah mula doon.

---

(1) Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (82).

At Dito ay may malinaw na katibayan na ang pagpapabaya sa pagdarasal ay isa sa pinakamalalaking kasalanan, at ito ay isang mas matinding pananagutan kaysa sa malalaking kasuwayan tulad ng pagpapatubo, pakikiapid, pagnanakaw, at pag-inom ng alak; Bagama't ang mga kasalanang ito ay kabilang sa mga malalaking kasalanan.

Kaya obligado sa bawat lalaki at babaeng Muslim: na maging lubhang masigasig sa pagdarasal, at bigyang pag-papahahalaga ito; Dahil Ang pagsasagawa nito ay isang dahilan para sa kabutihan, pagpapala at biyaya, at isang paraan para makapasok sa Paraiso, at kapatawaran at kaluguran mula sa Allah.[(2)]



(2) Isa sa mga pinakadakilang bagay na dapat gawin ng bawat Muslim na lalaki at babae ay: alamin ang mga oras ng pagdarasal, pangalagaan sila nang may lubos na pag-iingat, at bigyang pansin ang mga ito na may lubos na pag-aalaga, Dahil Ang usapin ng mga oras ng pagdarasal ay isang malaking bagay, At sinumang tumalikod sa pagdarasal - nang walang dahilan - hanggang sa matapos ang oras nito, siya ay nakagawa ng isa sa pinakadakilang kasuwayan, At isa sa mga pinakamalaking kasalanan.

# 6

Ayon kay Abu Hurairah -kaluguran nawa siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -sumakanya nawa ang mga panalangin ng Allah at kapayapaan- ay nagsabi: **“Ang isang malakas na mananampalataya ay mas mabuti at higit na matimbang sa Allah kaysa sa isang mahinang mananampalataya, at sa bawat isa ay may kabutihan”** [(1)] [(2)].

## Ang Paliwanag

Hinihimok tayo ng Propeta -nawa’y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- Sa maikling mga salitang ito , na maging makisig sa lahat ng ating mga gawain: Sa ating paniniwala sa Allah, sa ating katiyakan sa Kanya, sa pagsunod sa Kanyang batas, sa ating katatagan sa Kanyang relihiyon, sa ating pagkamit ng mga kaalaman, sa paghahanda natin para sa lakas, at sa lahat ng bagay na nagbibigay pakinabang sa atin sa ating relihiyon at ating mundo.

Samakatuwid Ang isang malakas na mananampalataya ay mas mabuti at higit na matimbang sa Allah kaysa sa isang mahinang mananampalataya, at Ito’y sapat ng karangalan at pagganyak at panghihikayat.

---

(1) Isinalaysay ni Muslim sa aklat ng Tadhana, No. 2664.

(2) Ang hadith na ito “ang ikaanim na hadith” ay wala sa nakaraang “electronic” na paglathala at naidagdag na ito dito.

At Ang Mu’min (manampalataya) na malakas (siya yaong malakas sa kanyang pananampalataya, ang malakas sa kanyang determinasyon, malakas sa kanyang hangarin at aktibidad)[(3)].

At Batay dito, Dapat sa mga mananampalatayang lalaki at babae na magsikap sa abot ng kanilang makakaya na palakasin ang kanilang pananampalataya sa Allah sa kahit anong paraan na magpapatibay sa pananampalataya, at palakasin ang kanilang hangarin upang makaabut sa mga antas ng mga matuwid na gawain na maglalapit sa kanila sa Allah , at dapat nilang palakasin ang kanilang mga personalidad upang harapin ang mga problema at kahirapan sa buhay, at palakasin ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsaliksik ng kaalaman na kapakipakinabang, at Mga mahahalagang karanasan na nakabubuti sa kanila at sa kanilang bansa at kanilang mga komunidad.

At sa kanyang kasabihan -nawa’y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah-: (at sa bawat isa ay may Mabuti) ay isang mahalagang senyas na ang mananampalataya – siya man ay malakas o mahina - ay nasa mabuting kalagayan, sapagkat Ang pananampalataya ay isang dakilang bagay na sapat na upang makamit ang kabutihan, ngunit ang malakas na mananampalataya ay mas lamang kaysa sa mahinang mananampalataya dahil sa karagdagang kalamangan, kaya siya ay mas mabuti kaysa sa kanya at higit na matimbang sa Allah na Mapagpala at Dakila.

---

(3) Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay mula sa mga salita ni Sheikh Muhammad bin Saleh bin Uthaymeen, -nawa’y kaawaan siya ng Allah-, sa kanyang pagbigay kahulugan sa sinabi ng Allah na Makapangyarihan sa lahat (Tunay na Kami sa bawat bagay ay lumikha ayon sa isang takda) Mula sa aklat na “tafseer Al-Qur’an Al-kareem: mula al-hujuraat hanggang sa al-hadeed” ni Sheikh Muhammad Salih bin Uthaymeen, Al Thuraya Publishing House.

7

Ayon kay Othman bin Affan -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -sumakanya nawa ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay nagsabi: **"Sinuman ang nagsagawa ng paghuhugas (ablusyon) para sa pagdarasal, at isinagawa ng ganap ito, pagkatapos ay lumakad patungo sa obligadong pagdarasal (salah) at isinagawa ito kasama ng kongregasyon (jama-ah), ay patatawarin sa kanya ng Allah ang kanyang mga kasalanan"**[(1)]. Isinalaysay ni Muslim.

## Ang Paliwanag

Sa hadith na ito, ang Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay nagsabi sa atin tungkol sa isang dakilang gawa na sinuman ang gumawa nito ay pararangalan siya ng Allah ng isang marangal na gantimpala, at ang marangal na gantimpala na ito ay: ang patawarin sa kanya ang kanyang mga kasalanan.

Ang gawaing ito ay nauugnay sa pagdarasal, at ito ay binubuo ng tatlong bagay na ginagawa ng isang Muslim upang mapalapit sa Allah na Makapangyarihan sa lahat:

**Ang una:** Ang magsagawa ng ganap na ablusyon (paghuhugas), at ang perpektong paghuhugas ay ang pagkumpleto at paglubos nito, na kung saan ang tubig ay umaabot sa bawat bahagi ng paghuhugas sa isang tiyak na pagkaabot.

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Paglilinis, No. (223).

**Ikalawa:** Ang maglakad papunta sa mosque na ang layunin ay isagawa ang obligadong pagdarasal, na siyang pagdarasal na inobliga (limang beses sa isang araw).

**Ikatlo:** Ang isagawa ang obligadong pagdarasal kasama ng kongregasyon (jama-ah) ng mga Muslim.

Kaya't Sinuman ang gumawa nito, sa pamamagitan ng paghugas (pag-ablusyon) ng ganap na paghuhugas, pagkatapos ay lumakad patungo sa mosque, at pagkatapos ay nagdasal kasama ng kongregasyon, ay makakamit nito ang marangal na gantimpala, iyon ay: Ang patawarin ng Allah ang kanyang mga kasalanan; At Ang sinumang pinatawad ng Allah sa kanyang mga kasalanan ay kasama siya sa mga nagtagumpay sa mundong ito at sa kabilang buhay.



# 8

Ayon kay Abu Hurairah -kaluguran siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Sinuman ang sinasadyang magsinungaling tungkol sa akin, ay nararapat sa kanya na umupo sa kanyang upuan na nagmula sa apoy ng empiyerno".**[(1)] napagkasunduan ang katumpakan nito.

## Ang Paliwanag

Ang pagsisinungaling sa hadith ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay kabilang sa malalaking kasalanan; Kaya ang sinumang nag-imbento ng isang talumpati at nag-angkin na ito ay mula sa mga salita ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga pagpapala ng Allah at ang kapayapaan- ay talagang gumawa ng isang malaking kasalanan.

At sinuman ang maghatid ng isang hadith na kasinungalingan laban sa Sugo ng Allah -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-, -nang hindi nilinaw na ito ay kasinungalingan- talagang siya ay lumabag at nandaya, at siya ay nakagawa ng pinakamalaking pang-aalipusta.

At kabilang sa nakalulungkot ay: Ang pagkalat ng mga Hadith na kasinungalingan laban sa Propeta -sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan-.

At Nakalulungkot din: na ang ilang mabubuting tao minsan ay naglalathala ng mga hadith na ito -na may mabuting layunin-, tandan na ito ay isang

---

(1) Isinalayasay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Kaalaman, kabanata: kasalanan ng sinumang nagpasinungaling sa Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-, No. (110); At Muslim sa panimula No. (3).

karumal-dumal na dapat nakikipagpayuhan tayo sa isa't isa sa pagbibigay babala dito, dahil ang pagsisinungaling tungkol sa Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay ang pinakamasamang uri ng kasinungalingan. Sinabi niya -nawa'y sumakaniya ang mga pagpapala at kapayapaan ng Allah-: **"Ang kasinungalingan tungkol sa akin ay hindi gaya ng kasinungalingan tungkol sa sinuman; Ang sinumang sinadyang magsinungaling tungkol sa akin, hayaan siyang umupo sa upuan mula apoy (sa impiyerno)"**[(2)] isinalaysay ni al-Bukhari.

At siya ay nagsabi -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah-: **"Sinuman ang nagsalaysay ng isang hadith tungkol sa akin na sa tingin niya, ito ay isang kasinungalingan, kung gayon siya ay isa sa mga sinungaling."** Isinalaysay ni Al-Tirmidhi[(3)], at Sinabi niya: Ito ay hasanun sahih.

Kaya Ang dapat sa atin ay: tiyakin natin ang pagiging tumpak ng mga hadith bago natin iugnay ang mga ito sa Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

At kabilang sa biyaya ng Allah sa atin: ay ang gawing madali para sa atin sa panahong ito ang pag-verify ng mga hadith, sa pamamagitan ng pagrerepaso sa mga mapagkakatiwalaang libro at website.

At Kabilang sa pinakatanyag na mga aklat sa larangang ito ay ang mga aklat ni Sheikh Muhammad Nasir al-Din al-Albani -kaawaan siya ng Allah-.

At Kabilang sa mga pinakatanyag na website sa Internet ay ang: The Sunnah and its Sciences Network, at ang Hadith Encyclopedia section ng Al-Durar Al-Saniyyah website.

---

(2) Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga paglilibing, Kabanata: Ang kinasusuklaman Tungkol sa Pag-ungol sa Patay, No. (1291); Ito ay isinalaysay ni Muslim sa pambungad sa kanyang Sahih, No. (4); Mula sa hadith ni Al-Mughirah bin Shubah, kaluguran nawa siya ng Allah.

(3) Isinalaysay ni Al-Tirmidhi sa mga kabanata ng kaalaman, Kabanata na kung ano ang isinalaysay tungkol sa sinumang naghahatid ng isang hadith at siya sa tingin niya ito ay isang kasinungalingan, No. (2662).

# 9

Ayon kay Abdullah bin Masoud -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-, ay nagsabi: **"hindi makakapasok sa Paraiso Ang sinumang mayroong kahit kasing bigat ng isang atomo ng pagmamataas sa kanyang puso."** isinalaysay ni Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang relihiyong Islam ay relihiyon ng kagandahang asal at mga marangal na katangian; Kaya ito ay nag-utos ng kabaitan, at pagpapakumbaba, at pagiging mahinahon, at ipinagbawal ang kawalang-kabuluhan, pagmamataas, at pagmamayabang.

At sa hadith na ito ay mayroong babala mula sa Propeta -ang panalangin ng Allah at ang kapayapaan ay mapasakanya- sa mga mapagmataas na humahamak sa mga tao at nagmamayabang sa kanila; dahil ang mga mapagmataas ay hindi makapasok sa Paraiso. Hilingin natin sa Allah ang kaligtasan at kaluwasan.

Ang kahulugan ng kanyang kasabihan -nawa'y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah-: **" Walang sinuman ang makapasok sa Paraiso na mayroon kahit kasing bigat ng atomo ng pagmamataas sa kanyang puso."** Na ang pagmamataas ay isang mapanganib na bagay, kahit na ito ay maliit na halaga na parang isang timbang ng atomo, at ito ay isang napakaliit na timbang.

---

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (91) at No. (147).

At sa katunayan ay Sinabi sa atin ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ang tungkol sa kahulugan ng pagmamataas kaya't siya ay nagsabi: **"Ang pagmamataas ay ang paglapastangan sa katotohanan at pagmamaliit sa mga tao."**[2] At ang kahulugan ng paglapastangan sa katotohanan: ay ang pagtanggi dito, at ang pagmamaliit sa mga tao: ay ang paghamak sa kanila.

Kabilang sa nagpapahiwatig sa pagbabawal ng pagmamataas at sa pagkondena nito ay ang sinabi ng Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin ng Allah at ang kapayapaan-: **"Ang sinumang nagmamalaki sa kanyang sarili, o nagmamayabang sa kanyang paglalakad, ay makakatagpo niya ang allah habang Siya ay galit sa Kanya.."**[(3)] Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa [al-adabul mufrad]

Kung alam natin na ang pagmamataas ay isang malaking kasalanan at isang karumal-dumal na pag-uugali, dapat nating iwasan ito at gumawa ng mabubuting gawa na naglalayo sa atin mula dito; tulad ng pagtanggap ng payo, pagpapasakop sa katotohanan, pagmamahal sa mga dukha, mahihina, nangangailangan, mga lingkod, at mga katulad nito, pagiging mabait sa kanila, pangangalaga sa kanila, at pagiging mapagpakumbaba sa kanila; dahil Ito ay kabilang sa nagbubusilak sa puso, at nagpapadalisay sa kaluluwa mula sa kawalang-kabuluhan, pagmamataas at pagmamalaki.

---

(2) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (91), mula sa hadith ni Ibn Masoud, kalugdan nawa siya ng Allah.

(3) : No. (549); Inilabas din ito ni Ahmad (5/200) na may numerong (5995); At Al-Hakim (1/128) at pinatotohanan ito. Tingnan ang: Al-Silsilah As-Sahihah ni Al-Albani (543).

# 10

Ayon kay Othman bin Affan -kaluguran nawa siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong mga nag-aaral ng Qur'an at itinuturo niya ito."** Isinalaysay ni Al-Bukhari ((1)).

## Ang Paliwanag

Ang hadith na ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pag-aaral at pagtuturo ng banal na Qur'an. Ang Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay binabanggit sa atin na ang mga nag-aaral ng Qur'an at ang mga nagtuturo nito ay ang pinakamabuti sa mga tao, ang pinakamainam at pinakamahusay sa kanila.

At nang ang dakilang Tbi'i, na si Abu Abdul-Rahman al-Sulami, ay nagsalaysay ng hadith na ito (at siya ang nagsalaysay sa atin ng hadith na ito, mula kay Othman bin Affan -kalugdan nawa siya ng Allah-), siya ay nagsabi: "Ito ang nagpaupo sa akin sa upuan na ito"((2)), Nangangahulugan ito na siya ay nagtuturo ng Qur'an sa loob ng dose-dosenang taon, nagnanais na makapasok sa karangalan at kabutihan na binanggit sa marangal na hadith na ito.

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga Kabutihan ng Qur'an, Kabanata: Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong nag-aaral ng Qur'an at itinuturo niya ito, No. (5027), mula sa hadith ni Othman bin Affan -nawa'y ang Allah ay malugod sa kanya-.

(2) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa lugar na binanggit sa naunang talababa; At si Ibn Hibban (Al-Ihsan: 1/325) No. (118), at ang salita ay kanya.

Alinsunod dito; Tungkulin ng bawat lalaki at babaeng Muslim na bigyang-halaga ang Qur’an, Magsikap na matutuhan, makabisado, maperpekto ito, at pagkatapos ay makilahok sa pagtuturo nito sa iba.

**Kabilang sa mga kapaki-pakinabang na bagay at pinakamahusay ay:** Ang pagsali sa mga lupon ng pagsasaulo ng Quran sa mga mosque, paaralan, at institusyon para sa kapakanan ng pag-aaral; samakatuwid Sinuman ang gumawa niyaon, siya ay nasa kabutihan, liwanag at patnubay.



# 11

Ayon kay Abu Hurairah -kaluguran nawa siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -sumakanya nawa ang panalangin at kapayapaan ng Allah-, ay nagsabi: "Dalawang salita na magaan sa dila, mabigat sa timbangan, minamahal ng Pinakamahabagin: **SUB- SUB- 'ADHIM (**Luwalhati sa Allah at papuri sa Kanya, Luwalhati sa Allah na Dakila)". napagkaisahan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang Propeta -nawa'y ang mga panalangin ng Allah at ang kapayapaan ay mapasakanya- ay hinimok tayo na paramihin ang pag-gunita sa allah, at ipinaliwanag sa atin ang kabutihan at kahalagahan nito, at nagtakda ng mga adhkãr (gunita) sa umaga at gabi, mga adhkãr sa pagtulog, at mga adhkãr sa paggising; Ang lahat ng ito at ang mga katulad nito ay binanggit sa mga aklat ng dhikr; Gaya ng aklat na "Al-Adhkar" ni Al-Nawawi, "Tuhfat Al-Akhyar" ni Ibn Baz, "The Muslim Fortress"o " ang panangga ng muslim" ni Al-Qahtani, at marami pang iba.

At May mga Adhkãr na kanais-nais para sa isang Muslim na sabihin sa lahat ng oras, at paramihin ang mga ito ng walang pagtukoy sa oras o bilang; At kabilang na dito ang pagsabi ng: (**SUB-** Luwalhati sa Allah,**(W-AL-HAMDULILLAH)** at papuri sa Allah,**( la-ilaha-illawllah )** at walang di-

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga Panunumpa at Panata, Kabanata: Kung sinabi niya: Sumpa sa Allah, hindi ako magsasalita ngayon, at siya ay nagdasal, bumibigkas, lumuluwalhati, nagsabi ng takbeer, papuri, o la-ila-ha-illa-Allah, Siya ay nasa kanyang layunin. , No. 6682; At Muslim sa Aklat ng Pag-alaala at Pagsusumamo, No. (2694).

yos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, **(ALLAHU-AKBAR)** at ang Allah ay dakila, at **(LA-HAWLA- WALA- QUWWATA – ILLA-BILLAH )** walang may kakayahan o kapangyarihan maliban sa Allah.

At Kabilang na rin: Ang dalawang dakilang salita na ito: **sub-hnalla-hi wa bihamdihi sub-hnallahil adhim** "Luwalhati sa Allah at papuri sa Kanya, Luwalhati sa Allah na Dakila." Binanggit sa atin ng ating Propeta -nawa'y ang kapayapaan at mga pagpapala ay mapasakanya- na ang mga ito ay nagtataglay ng tatlong katangian:

1. Ang mga ito ay magaan sa dila, kaya napakadali para sa isang tao na ulit-ulitin ang mga ito nang walang kahirap-hirap.

2. Ang mga ito ay mabigat sa timbangan, at ang ibig sabihin nito: sinumang magsabi ng mga ito ay magkakaroon ng malaking gantimpala na pinupunan ng Allah dito ang timbang ng kanyang mabubuting gawa.

3. Sila ay minamahal ng Pinakamahabagin. Ibig sabihin, mahal sila ng Allah -ang Mapagpala at Kataas-taasan-, kaya ito ay nagpapahiwatig na sila ay dalawang salita na may malaking kahalagahan at kadakilaan.

At Alang-alang sa lahat ng ito, dapat nating bigyang-pansin ang dalawang dakilang salita na ito, at ang iba pang mga dhikr, at magsikap tayo dun at magparami ng mga ito sa lahat ng oras at sa lahat ng pagkakataon; Upang matamo natin ang dakilang gantimpala mula sa Marangal na Panginoon, na Makapangyarihan sa lahat.

# 12

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: “Nagpayo sa akin Ang aking matalik na kaibigan -sumakanya ang pagpapala ng allah at kapayapaan- ng tatlong bagay: ang pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, ang pagsasagawa ng pagdarasal ng dalawang rak'ah ng Duha, at magsagawa ng pagdarasal ng Witr bago ako matulog.” napagkaisahan ang katumpakan nito [(1)]

## Ang Paliwanag

Si Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ay isang dakilang sahba (kasamahan) malapit sa Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

Ipinaalam niya sa atin -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ang payo ng Propeta -ang mga panalangin ng Allah at ang kapayapaan ay mapasakanya- sinabi niya: nagpayo sa akin ang aking kaibigan; Ang salitang (khalili) ay tulad ng salitang (habibi) aking mahal, ngunit ito ay nagpapahiwatig ng isang napakadakilang pag-mamahal, at Ito ay mas malalim ang kahulugan at mas higit kaysa sa salitang aking minamahal.

**Ang unang payo:** mag-ayuno ng tatlong araw sa bawat buwan. Ang pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan ay isang marangal na Sunnah na may dakilang kabutihan, at sinabi ng Propeta -nawa'y sumakanya

todo momento y que sean repetidas con frecuencia, sin delimitar una cantidad o un tiempo para ello. Entre estas tenemos: *Subhán Al-lah, Al Hamdulil-lah, la iláha il-lal-lah, Al-lahu Akbar y la hawla wa la quwata il-la bil-lah.*

Y es este preciso grupo de súplicas que pertenecen estas dos frases sublimes: *Subhán Al-lah wa bihamdihi, Subhán Al-lah Al 'Adhím* (Glorificado sea Al-lah y Alabado: Glorificado sea Al-lah, el Magnífico) y nuestro Profeta, que la paz y las bendiciones de Al-lah sean con él nos ha dicho que estas dos frases se caracterizan por tres atributos:

1. Son ligeras para la lengua, pues son muy fáciles de pronunciar.
2. Son de gran peso en la balanza. Esto significa que quien las pronuncia tiene una gran recompensa con la que Al-lah llenará su balanza de buenas obras.
3. Son muy queridas para el Misericordioso, y esto significa que son dos frases extremamente importantes y sublimes.

Y por todo esto debemos recordar constantemente estas dos frases sublimes y de otras súplicas generales. Debemos pronunciarlas con frecuencia, en todo momento y en toda situación para ganar la gran recompensa de nuestro Señor el Bondadoso, Exaltada sea Su magnificencia.

(1) : Ito ay isinalaysay ni Al-Bukhari sa Aklat ng Pag-aayuno, Kabanata sa Pag-aayuno sa mga Araw ng mga Puti, No. (1981); At Muslim sa Aklat ng Panalangin ng mga Manlalakbay at ang Pag-ikli nito, No. (721).

ang mga panalangin ng Allah at kapayapaan-, na ang pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan ay parang pag-aayuno sa buong taon[(2)], Ito ang kagandahang-loob ng Allah at ang Kanyang biyaya sa Kanyang mga alipin.

Ang tinutukoy na pag-aayuno ay ang boluntaryong pag-aayuno; At iyon ay ang mag-ayuno ang isang tao ng tatlong araw sa bawat buwan, ito man ay tatlong magkakasunod na araw o magkahiwalay na araw.

**Ang pangalawang payo:** ang payo na isagawa ang pagdarasal ng Duha. Ito ay dalawang rak'ah o higit pa na nagaganap sa oras ng Duha, at ito'y nasa kalagitnaan ng umaga, kaya't kanais-nais para sa isang Muslim na magdasal ng dalawa o apat na rak'ah o higit pa doon sa oras ng Duha; dahil Ang gantimpala para doon ay malaki, at ang kanyang kabutihan ay dakila.

**Ang ikatlong payo:** Ang payo na mag-sagawa ng Witr. At Ang Witr ay ang pinakamainam sa mga boluntaryong (sunnah ng) pagdarasal. Nagsisimula ang oras nito mula pagkatapos ng panggabing pagdarasal hanggang sa tawag ng pagdarasal sa bukang-liwayway. At yon ay ang magdasal ang isang Muslim ng kusang-loob para sa Allah: isang rak'ah, o tatlo, o lima, o higit pa doon, ang mahalaga ang bilang ng mga ito ay gansal (odd), at ito ang ibig sabihin ng salitang Witr.

Ito ang payo ng Propeta -sumakanya nawa ang panalangin ng Allah at ang kapayapaan- kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, at ito ay payo para sa ating lahat mula sa ating Sugo at sa ating minamahal na si Muhammad -nawa'y ang panalangin at kapayapaan ng Allah ay mapasa kanya-.

---

(2) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Pag-aayuno, Kabanata: Ang Karapatan ng Katawan sa Pag-aayuno, No. (1975); at Muslim sa Aklat ng Pag-aayuno, No. 1159; Mula sa hadith ni Abdullah bin Amr bin Al-Aas, kalugdan nawa sila ng Allah.

# 13

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -sumakanya nawa ang panalangin ng Allah at kapayapaan- ay nagsabi: **"pinakamalapit na kalagayan ng alipin sa kanyang Panginoon ay sa sandaling siya ay nagpapatirapa, kaya't magparami kayo ng panalangin ."** ((1)) Isinalasay ni muslim

## Ang Paliwanag

Nag-utos ang Allah -ang Kataas-taasan ang Makapangyarihan-, sa Kanyang mga lingkod na lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng pag-sasagawa ng iba't ibang uri ng mga debosyon (pag-sagawa ng mga Gawain na magpapalapit sa alipin sa Allah) at lahat ng uri ng mga gawaing pagsunod.

Kabilang sa mga pinakadakilang bagay na naglalapit sa isang tao sa Allah: Ang pagdarasal (pag-salah) ng mga obligado at mga boluntaryong salah. Kapag ang isang Muslim ay nag-umpisa sa kanyang salah, siya ay magiging malapit sa Allah na Makapangyarihan sa lahat.


Bagama't ang lahat ng panalangin (salah) ay naglalapit sa lingkod na mananampalataya sa Allah, liban na ang lingkod sa panahon ng pagpapatirapa ay nasa isang estado na pinakadakila sa lahat ng estado kung saan mas malapit siya sa Allah; Dahil Ang lingkod ay nagpapasakop sa Allah sa kanyang pagpapatirapa, niluluwalhati Siya, bina banal Siya, at nagsu-

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Panalangin, No. (482).

sumamo sa Kanya habang siya ay nasa kalagayan ng pagpapakumbaba, kahihiyan at pangangailangan.

Kung kaya, ang pagpapatirapa ay isa sa mga lugar ng pagtugon sa pagsusumamo, gaya ng sinabi ng Propeta -sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah-, sa ibang hadith na isinalaysay ni Muslim: **“At tungkol sa pagpapatirapa, magsumikap kayo sa pagsusumamo, dahil may pag-asa na matugunan kayo”**[(2)].

At batay doon, kanais-nais para sa isang tao na magpatirapa ng mahaba at magparami ng pagsusumamo; dahil Ang pagpapatirapa at pagsusumamo ay kabilang sa mga pinakadakilang dahilan ng kabutihan at tagumpay sa mundong ito at sa kabilang buhay.



(2) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Panalangin, No. (479), mula sa hadith ni Ibn Abbas, kalugdan nawa sila ng Allah.

# 14

Ayon kay Thabit ibn al-Dahhak -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Ang pagsump-a(pag-mumura) sa isang mananampalataya ay tulad ng pagpatay sa kanya."** napagkaisahan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang pagsumpa ay isang malaking kasalanan, at isang malaking kasuwayan.

Nagbabala sa atin ang ating Propeta -sumakanya nawa ang panalangin at kapayapaan ng Allah- laban sa pagsumpa at ipinagbawal ito sa atin sa maraming mga hadith, kabilang ang hadith na ito, na ang kanyang sinabi -sumakanya ang panalangin ng Allah at kapayapaan: "**Ang pagsumpa sa isang mananampalataya ay tulad ng pagpatay sa kanya.**"

Kabilang din ang kanyang sinabi -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah-: "**Huwag ninyong isumpa ang bawat isa sa sumpa ni Allah, at sa poot Niya.**" Isinalaysay ni Abu Dawood at Tirmidhi[(2)], at kanyang sinabi: isang hadith na maganda at tama.

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Adab, Kabanata: Sinuman ang tinawag na kafir ang kanyang kapatid ng walang ibang paliwanag, Siya ay tulad ng sinabi niya, No. 6105; At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya (110).

(2) : Ito ay isinalaysay ni Abu Dawud sa Aklat ng Adab, Kabanata sa Pagsumpa, No. (4906); at Al-Tirmidhi sa mga kabanata ng pagpapakabuti at ugnayan ng pagkakamag-anak, kabanata sa sumpa, No. (1976); Al-Hakim (1/111) at itinuwid ito;

At Binanggit ng Propeta, -nawa'y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah- tulad ng nasa Sunan ni Abu Dawood at al-Tirmidhi sa pamamagitan ng magandang sanad (pagkakasunod-sunod ng mga taga salaysay ng hadith) -: na **"Sinumang sumpain ang isang bagay na inosente, ang sumpa ay babalik sa kanya."** [(3)], Ibig sabihin, sinuman ang sumumpa ng isang bagay nang hindi makatarungan, ang sumpa ay babalik sa kanya, sa taong nagsabi nito.

At Isinalaysay ni Al-Tabarani[(4)] Sa isang mahusay na hanay ng mga tagapagsalaysay, ayon kay Salama bin Al-Akwa', nawa'y kalugdan siya ng Allah, na nagsabi: (Kapag nakita namin ang isang tao na nagmumura sa kanyang kapatid, sa paningin namin siya ay nakagawa ng isang malaking kasalanan).

**Si Sheikh ibn Baz** -nawa'y maawa ang Allah sa kanya-, ay nagsabi: "Ang pagsumpa sa isang Muslim ay isa sa malalaking kasalanan"[(5)].

At kabilang sa nakalulungkot ay: Ang paglaganap ng pagmumura sa pagitan ng maraming Muslim! Si Allāh ang hiningian ng tulong.

Kaya tungkulin nating lahat: na hadlangan ito at iwasan, at magbigay babala laban dito nang lubos.

---

Mula sa hadith ni Samra bin Jundab -nawa'y kalugdan siya ng Allah-.

(3) : Ito ay isinalaysay ni Abu Dawood sa Aklat ng Al-adab, Kabanata sa Pagsumpa, No. (4908); at Al-Tirmidhi sa mga kabanata sa pagpapakabuti at ugnayan ng pagkakamag-anak, kabanata sa sumpa, No. (1978); at Ibn Hibban (Al-Ihsan: 11/55), No. (5745); Mula sa hadith ni Ibn Abbas, nawa'y kalugdan sila ng Allah.

(4) : Sa "Al Mu'jam Al-Awsat" (6/380) No. (6674).

(5) : "Majmoo' Fatwas and Articles" ni Sheikh ibn Baz -nawa'y kahabagan siya ng Allah- (7/148).

# 15

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah- pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"sinabi ng Allah na Mapagpala at Kataas-taasan: O anak ni Adan, gumugol ka, at gugugol ako para sayo."** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Kabilang sa mga pinakadakilang katangian na pinuri ng Allah dahil dun ang Kanyang mga tapat na mga lingkod ay ang paggugol alang-alang sa landas ng Allah, at sa bagay na yan sinabi ng Allah na Makapangyarihan sa lahat:( ***Ang Aklat na ito ay walang alinlangan dito, isang patnubay ukol sa mga tagapangilag magkasala, <<2>> na mga sumasampalataya sa Nakalingid, nagpapanatili sa pagdarasal, at mula sa itinustos Namin sa kanila ay gumugugol<<3>>***).[(2)]

At ang paggugol ay sumasaklaw ng maraming bagay, kabilang ang paggugol ng isang lalaki sa kanyang asawa at mga anak, at kabilang sa mga ito ay ang kanyang paggugol sa mga mahihirap at nangangailangan, at kabilang sa mga ito ay ang paggugol sa mga iba't ibang kabutihan;

---


(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Interpretasyon ng Qur'an, sa kabanata sa kanyang pagsasabi: "At ang kanyang trono ay nasa tubig", No. (4684); At Muslim sa Aklat ng Zakat, No. (993), at ang mga salita ay kanya.

(2) : Surat Al-Baqarah, mga talata: 1-3.

Gaya ng paglalathala ng Qur'an, pamamahagi ng mga kapaki-pakinabang na aklat, paggamot sa mga pasyente, at iba pang mga proyektong pang-kawanggawa.

At sa hadith na ito ay may pangako mula sa Allah -na makapangyarihan sa lahat- Sa mga gumagastos ng kanyang pera sa mga layuning pangkawanggawa: Na ang Allah ay gugugol sa kanya at magbibigay biyaya sa kanya mula sa Kanyang kagandahang-loob, at papalitan siya ng nag-mula sa kanyang malawak na pag-bibigay , katulad ng sinabi ng (Allah na) Makapangyarihan sa lahat. :( ***Sabihin mo: "Tunay na ang Panginoon ko ay nagpapaluwag ng panustos para sa sinumang niloloob Niya kabilang sa mga lingkod Niya at naghihigpit dito. Ang anumang ginugol ninyo na anuman, Siya ay magtutumbas nito at Siya ay ang pinakamainam sa mga tagapagtustos"*** [3]

Kaya kung Sinuman ang gumugol sa kanyang pamilya, o sa kanyang mga magulang, o sa kanyang mga kamag-anak, sa mga dukha at nangangailangan, o gumugol sa iba't ibang mga gawaing kawanggawa, isusulat ng Allah para sa kanya ang gantimpala at bibigyan siya ng panustos na kabayaran sa kanyang ginastos, at iyon ay biyaya ng allah na Kanyang ibinibigay sa sinumang Kanyang naisin, at Si Allāh ay may kabutihang-loob na sukdulan.



(3) : Surah saba'a, Talata: 39.

# 16

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran, karamdaman, kabalisaan, kalungkutan, kapinsalaan ni kapighatian, pati na ang tinik na tumuturok sa kanya, liban na ibubura ni Allāh iyon sa ilan sa mga kamalian niya"** napagkaisahan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang tao sa mundong ito ay nakalantad sa mga problema, kahirapan, alalahanin at kalungkutan.

At sa hadith na ito, ipinapaalam sa atin ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ang isang dakilang bagay na dapat nating tandaan sa lahat ng ating mga kalagayan; Ito ay isang bagay na nakalulugod sa puso, nakagagaan sa kaluluwa, at nagdudulot ng kapanatagan.

Ang bagay na ito ay Ang isang Muslim na tao ay hindi makakaranas ng pagkahapo (na siyang pagkapagod), ni karamdaman (na siyang sakit), ni pagkabalisa, o kapighatian, o kalungkutan, o kapinsalaan, maliban na ang Allah ay patatawarin ang kanyang mga kasalanan sa pamamagitan nito, kaya ang mga kalamidad na ito ay isang dahilan para sa kapatawaran ng

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga Maysakit, sa kabanata sa pagbabayad-sala ng karamdaman, No. (5641); At Muslim sa Aklat ng pagpapabuti, Mga Relasyon at mga kaasalan, No. (2573).

mga kasalanan at para sa pagkabura ng mga ito at pagka-alis, at siya ay lalabas mula sa kapahamakang ito na siya ay dalisay mula sa kanyang mga kasalanan at mga kamalian, malapit sa kanyang diyos at sa kanyang panginoon.

At sa kanyang sinabi -sumakanya nawa ang panalangin at kapayapaan ng Allah-: **“Kahit isang tinik ang tutusok nito”** ay katibayan na ang pinsalang tumatama sa isang tao ay isang pagbabayad-sala para sa kanya, kahit na ito ay isang maliit na pinsala tulad ng pinsala ng isang tinik.

Kung nababatid iyon ng Muslim, kung gayon dapat siyang magalak sa biyaya ng Allah, at maging masigasig na laging matiisin, may pag-asam, at malugod sa Allah, sapagkat sinuman ang nalugod sa Allah, kaluluguran siya ng Allah, at palulugurin siya, pararangalan siya, pagpapalain siya at bibigyan siya.



# 17

Ayon kay Abu Hurairah -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan, ay nagsabi-: **"Hindi kayo makakapasok sa Paraiso hangga't hindi kayo maniniwala (mananampalataya), at hindi kayo (ganap na) maniniwala hangga't hindi kayo magmamahalan, Nais nyo bang kayo ay aking gabayan sa isang bagay na kung gagawin Ninyo ay magmamahalan kayo?? Ikalat ninyo ang pagbati ng kapayapaan sa pagitan ninyo."** isinalaysay ni Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang Hadith na ito ay hinihimok tayo sa isang napakahalagang bagay: Yun ay ang mahalin natin ang isa't isa.

Ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsasabi sa atin na hindi tayo makakapasok sa Paraiso hangga't hindi tayo mananampalataya, at hindi tayo tunay na mananampalataya hangga't hindi natin minamahal ang isa't isa.

At para mahalin natin ang isa't isa, may madaling gawain, na kapag gawin natin lalaganap ang pag-mamahalan sa pagitan natin.

**Ang madali at maliit na bagay na ito**: ay ang pagsisiwalat ng kapayapaan. At ang pagsisiwalat ng kapayapaan ay ang pagpapakalat at pagpapalaganap nito sa mga tao.

Kaya't natutunan natin mula sa hadith na ito: na ang pag-bati ng kapayapaan sa pagitan ng mga Muslim ay isang dahilan ng pagkakaroon ng pagmamahalan sa pagitan nila, at ang paglitaw ng pagmamahalan ay

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (54).

isang dahilan para sa pagtaas ng pananampalataya, at ang pagtaas ng pananampalataya ay isang dahilan ng pagpasok sa Paraiso.

**At Ang pinakamagandang uri ng Pag-bati ay**: ang sabihin ng isang tao: assalamu alaykum warahmatullahi wabaraktuho (Ang kapayapaan, awa at mga pagpapala ng Allah ay sumainyo).

**At ang pinakamagandang uri ng tugon**: wa alaykumussalam warahmatullahi wabaraktuho (at Sumainyo nawa ang kapayapaan, awa at pagpapala ng Allah).

**Kung sinabi ng isang tao**: assalamu alaykum (Sumainyo ang kapayapaan), o sinabi niya assalamu alaykum warahmatullah (sumainyo ang kapayapaan at awa ng Allah), ito ay sapat na, -in sh allah-, ngunit mas mabuti ang kumpletong pagbati ng kapayapaan, yun ay ang pag-sabi ng: assalamu alaykum warahmatullahi wabaraktuho (Sumainyo nawa ang kapayapaan, awa at pagpapala ng Allah).

Kaya't ang Muslim ay dapat maging masigasig sa pagpapalaganap ng pagbati ng kapayapaan, at mag-bigay pansin tungkol dito, at hindi niya ito dapat ikahiya, dahil ito ay isang dahilan para sa gantimpala, at isang dahilan para sa pagtaas ng pananampalataya, at isang dahilan para sa pagpasok sa Paraiso.

# 18

Ayon kay Abu Saeed Al-Khudri -kaluguran nawa siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-, ay nagsabi: **"Huwag tumingin ang lalaki sa pribadong bahagi ng isang lalaki, at ni babae ay huwag tumitingin sa pribadong bahagi ng babae."** isinalaysay ni Muslim((1))

## Ang Paliwanag

Ang hadith na ito ay nagpapahiwatig ng isang bagay na napakahalaga na dapat nating malaman at gawin.

Ang isang tao, lalaki man o babae, ay may awrah (maselan na bahagi ng katawan) na dapat niyang takpan, at dapat sa iba na ibaba ang kanyang tingin mula rito.

Ito ay pagitan ng lalaki sa lalaki at babae sa babae, at ito ay mas Malala kung sa pagitan ng lalaki sa isang babae at babae sa isang lalaki.

Kung alam natin ito, dapat nating bantayan ang ating mga awrah (mga maseselang bahagi ng katawan), at takpan ang mga ito; Upang hindi ito makita ng mga tao, at Huwag tayong maging maluwag sa bagay na ito kailanman, ni sa pamamagitan ng pagtingin o sa pamamagitan ng paghawak, at dapat nating malaman na ang bagay na ito ay hindi makabubuti ang pagpapatawaran, kaluwagan, o pagbibiro sa kahit anumang kalagayan.

---

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pagreregla, No. (338).

# 19

Ayon kay Al-Sa'b bin Jath-thma -kaluguran siya ng Allah-: Naghandog siya ng regalo sa Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ng pagkain na nahuli sa pangangaso, at ibinalik ito sa kanya ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- at hindi tinanggap mula sa kanya, at nang makita ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ang lungkot sa kanyang mukha, siya ay nagsabi: **((Tunay na hindi namin ito ibinalik sa iyo maliban sa kami ay nasa kalagayan ng Ihram))** . napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang mga marangal na sahaba (mga kasamahan ng propeta) ay Gustung-gusto na maghandog sa Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ng mga regalo, at ang kaugalian naman ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay tanggapin ang mga regalo at susuklian niya ito.

Sa paglalakbay ng peregrinasyon(HAJJ), isang lalaki ang lumapit sa Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin ng Allah at kapayapaan- na nag-ngangalang al-Sa'b ibn Jath-thãma, at siya ay may dalang regalo na nahuli niya sa pangangaso na hinuli niya para sa Sugo ng Allah -nawa Ang mga panalangin ng Allah at ang kapayapaan ay sumakanya- upang siya'y kumain rito, At hindi tinanggap ng Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah- ang regalong iyon dahil siya ay Muhrim (nasa kalagayan ng Ihram), at ang pangangaso ay isa sa mga ipinagbabawal ng Ihram.

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Parusa sa Pangangaso, kabanata: Kung ang isang buhay na mabangis na asno ay ibinigay sa Muhrim, hindi ito tatanggapin, No. (1825); At Muslim sa Aklat ng Hajj, No. (1193).

Nang ibalik ng Propeta -sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah- Ang regalo ng lalaki, ang lalaki ay nalungkot at naapektuhan, kaya't ang Propeta ay nagmadaling banggitin ang dahilan at ipinaliwanag ito, at nagsabi: ((**Tunay na hindi namin ito ibinalik sa iyo maliban sa kami ay nasa kalagayan ng Ihram**)).

**At sa pamamagitan nito ay natutunan natin:** Ang kahalagahan ng pagpapaliwanag ng mga dahilan at ang mga sanhi; upang maharangan natin ang landas ni Satanas, alinsunod sa sinabi ng Allah na Makapangyarihan sa lahat: ( ***Sabihin mo sa mga lingkod Ko na sabihin nila ang siyang higit na maganda. Tunay na ang demonyo ay nagpapasigalot sa pagitan nila. Tunay na ang demonyo, para sa tao, ay laging isang kaaway na malinaw***) [(2)].

At Binanggit ni Imam Al-Nawawi ang hadith na ito sa kabanata ng mabuting asal sa aklat ng "Riyad Al-Salihin"; Upang ipahayag na ang pag-aayos ng mga iniisip, pagpapagaan ng kalooban, at pagpapahayag ng mga dahilan ay kabilang sa mga magagandang asal.

---

(2) : Surah Al-Isra, Talata: 53.

# 20

Ayon kay Hudhaifah ibn al-Yaman -kaluguran siya ng Al-lah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **“Hindi makakapasok sa Paraiso ang qattãt (sinumang nagpapakalat ng tsismis na nakasisira).”**napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang hadith na ito ay isa sa mga hadith na nagbabala sa atin sa mga kapinsalaan ng dila. At Ang mga kapinsalaan ng dila ay marami at iba-iba, kabilang ang: paninirang-puri at tsismis na nakasisira.

Nagsabi si Imam al-Nawawi -nawa'y kahabagan siya ng Allah-: (Tandaan na ang dalawang katangiang ito -paninirang-puri at tsismis- ay kabilang sa pinakamasama sa mga masama at pinakalaganap sa mga tao, hanggang sa iilan lamang sa kanila ang ligtas mula sa mga ito)[(2)].

Sa hadith na ito, Pinagbabawalan tayo ng ating Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- mula sa isang karumal-dumal na ugali at isang mabigat na kasalanan na itinuturing na isa sa mga malalaking kasalanan, yun ay ang tsismis, Siya ay nagsabi: (Hindi makapapasok sa Paraiso ang qattat) ibig sabihin: isang maninirang-puri (nagpapakalat ng tsismis na nakasisira).


---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-adab, Kabanata: ang kinasusuklaman sa Tsismis, No. (6056); At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (105).

(2) : Aklat ng Al-adhkar, pagsisiyasat ni Sheikh Abdul Qadir Al-Arnaout, pg. 336.

**At Ang Namima** (Tsismis): Ito ay ang paghahatid ng mga salita sa pagitan ng mga tao sa layuning makasisira sa kanila, at ito ay isa sa mga dahilan ng paglitaw ng mga problema, alitan at awayan.

Kaya dapat sa bawat lalaki at babaeng Muslim na maging lubhang maingat sa tsismis, at magbigay-babala dito, Dahil ito ay isa sa mga dahilan ng pagkakait ng Paraiso, at isa sa mga sanhi ng pagdurusa sa libingan, magpakupkop tayo sa Allah mula doon.



# 21

Ayon kay Anas bin Malik -kaluguran siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -sumakanya ang kapayapaan at pagpapala-, ay nagsabi: **"Walang Muslim na nagtatanim ng puno, o nagpupunla ng mga pananim, Pagkatapos ay kumakain dito ang isang ibon, o isang tao, o isang hayop, maliban na siya ay magkakaroon sa pamamagtan nito ng kawanggawa."** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)] .

## Ang Paliwanag


Ang agrikultura ay isang makataong Gawaing mahalaga; Ito ay isang dahilan para magkaroon ng kabuhayan, at maaaring ito ay maging dahilan para magkaroon ng kayamanan at kasaganaan.

**At kabilang sa habag ng Allah sa Kanyang mga lingkod ay**: kung ang isang Muslim ay nagpunla ng binhi at pagkatapos kumain mula dito ang isang tao, ibon o hayop, katotohanan ang Allah ay isusulat niya ito na bilang kawanggawa para sa nagpunla, bagaman ang nagpunla na ito ay hindi orihinal (layunin) na nagtanim para sa kawanggawa, bagkus para sa pagkain o kalakalan.

At ang bagay na ito ay hindi limitado sa pagtatanim lamang, dahil ang bawat mabuting gawa na ginagawa ng isang Muslim ay gagantimpalaan siya alang-alang dito kung may ibang makikinabang liban sa kanya. Kaya

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Pagsasaka, sa kabanata ng kabutihan ng pagtatanim at pagpupunla kung may kumain mula rito, No. (2320); At Muslim sa aklat ng Al-Musaqat, No. (1553).

kung Sinuman ang humukay ng balon pagkatapos ay uminom mula dito ang isang tao, ibon, o hayop, o naglagay ng silongan at pagkatapos ay sumilong dito ang isang tao, ibon o hayop, kung gayon siya ay magkakaroon ng gantimpala at pabuya para doon, gayundin ang iba pang mabuting Gawaing kapaki-pakinabang.



# 22

Ayon kay Abu Hurayrah -malugod si Allāh sa kanya-, kanyang sinabi: may isang lalaki na may utang sa kanya ang sugo ng allah -pagpalain siya ng Allāh at pangalagaan- na dumating upang maningil ng utang sa kanya, naging mapusok siya sa kanya, kaya nagalit sa kanya ang mga kasamahan ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga pagpapala ng Allah at kapayapaan-: kaya Nagsabi ang Sugo ng Allāh -pagpalain siya ng Allāh at pangalagaan**-: ((Hayaan ninyo siya, sapagkat ang nagmamay-ari ng karapatan ay may katuwiran)).** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Bumili ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ng isang kamelyo mula sa isang lalaki, at sumang-ayon sa kanya na ibigay sa kanya ang presyo pagkatapos ng isang yugto ng panahon.

Nang lumipas ang isang yugto, dumating ang lalaki upang kunin ang pera mula sa Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- at siya ay pumasok sa kanya at hiningi ang pera nang may galit at pagtaas ng boses.

Nang marinig ng mga sahaba (Kasamahan) ang kanyang mga salita, sila ay nagalit sa kanya at muntik na siyang saktan; Dahil wala siyang wastong kagandahang-asal sa Sugo ng Allah - nawa'y sumakanya ang mga pagpapala ng Allah at kapayapaan- nagsabi sa kanila ang Prope-

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-wakala, Kabanata sa Al-wakala sa Pag-babayad ng Utang, No. (2306); Sa aklat ng regalo, ang kabanata ng mga regalong natanggap at hindi natanggap, No. (2606); Ang salita ay kumbinasyon ng dalawa sa kanila. At Muslim sa aklat ng Musaqat, No. (1601).

ta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-: **"Hayaan niyo siya"**; ibig sabihin, iwanan Ninyo siya, **(sapagkat ang nagmamay-ari ng karapatan ay may katuwiran);** Ibig sabihin, hangga't inaangkin niya ang kanyang karapatan, may karapatan siyang magsalita.

**At mula sa hadith na ito natutunan natin ang isang mahalagang benepisyo** na kapaki pakinabang sa atin sa pakikitungo natin sa mga tao, ito ay: kung ang isang tao ay nag-aangkin ng kanyang karapatan, kung gayon kailangan nating makinig sa kanya, bigyang-pansin ang kanyang mga salita, at huwag sisihin kung siya ay itinaas ang kanyang boses o nagsalita ng may halong galit.

At sa pamamagitan ng ating Pagsunod sa panitikan ng Propeta, makararating ang mga Karapatan sa nagmamay-ari nito, at magiging kakaunti ang mga problema natin, pati narin ang hindi pagkakasundo, at pag-aaway.

# 23

Ayon kay Abū Qatādah -malugod si Allāh sa kanya- na nagsabi: Ang Sugo ng Allāh -pagpalain siya ng Allāh at pangalagaan- ay nagsabi: **"Ang sinumang ikagagalak niya na iligtas siya ng Allāh mula sa hapis ng Araw ng muling Pagkabuhay ay magpaginhawa siya sa nagkakautang o mag-alis siya [ng utang] sa kanya."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay ang araw kung saan hahatulan ng Allah ang mga tagapaglingkod (mga tao), at gagantimpalaan niya sila sa kanilang nagawang mabuti at masama, at mag-bibigay hatol sa pagitan nila hinggil sa anumang sila hinggil doon ay magkakasalungat, pagkatapos ay iuutos na sila ay papasokin sa paraiso o sa Impiyerno.

Sa dakilang araw na ito, tumitindi ang dalamhati ng mga tao; Dahil sa kakaibang mga kalagayan, at dahil sa mga kakila-kilabot na pagkabalisa.

Kung sinuman ang nagnanais na iligtas siya ng Allah mula sa mga kakila-kilabot na iyon at mga kapahamakan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, magpaginhawa siya sa mga nagkakautang o mag-alis siya [ng utang] sa kanila.

At Ang pagpapaginhawa sa mga nagkakautang at pagpapaalis nito sa kanila ay mga dakilang mabuting gawa, Ngunit ito ay kanais-nais lamang

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa aklat ng Al-Musaqah, No. (1563).

at hindi obligado; at ito ay sa pamamagitan ng pagpapaliban ng tao sa pagsingil ng kanyang pera sa kanyang kapatid (at yan ang ibig-sabihin ng pagpapaluwag), O magbitiw sa pagkuha ng lahat o bahagi ng perang iyon (at yan ang ibig-sabihin ng pagpaparaya).

Kapag ang isang tao ay humiram sa iyo at pagkatapos ay dumating ang termino at alam mo na siya ay nahihirapan at hindi kayang magbayad, kung gayon bigyan mo pa siya ng pagkakataon o pagpasensyahan mo siya at magbitiw (magparaya) ka sa lahat o bahagi ng iyong Karapatan, Kung gagawin mo iyon, ikaw ay nasa isang dakilang kabutihan, at Inaasahan na ikaw ay maliligtas sa mga kapahamakan ng Muling Pagkabuhay, At pagkapanalo ng paraiso at kaluguran ng Allah.

# 24

Ayon kay Abu Hurairah -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah, pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan, ay nagsabi: **“Sino ang nanlinlang sa amin ay hindi kabilang sa amin.”** isinalaysay ni Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang Propeta -nawa’y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah-, ay naglalakad sa isa sa mga palengke ng Madina, at napadaan siya sa isang lalaki na nagbebenta ng subra (bunton) ng pagkain (tulad ng trigo at iba pa), na tinamaan ng ulan at nabasa ito ng tubig, at itinago na lang ng lalaki ang basang iyon at inilagay sa ilalim ng bunton upang hindi makita ng mga tao.

Naramdaman ng Propeta -nawa’y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- na may depekto sa panindang ito, kaya’t ipinasok niya ang kanyang kamay sa pagkain na iyon at nakadama ng basa, kaya’t pinagsabihan niya ang lalaki at sinabi: **“Bakit hindi mo ito nilagay sa ibabaw ng pagkain para makita ng mga tao, Sino man ang nanlinlang sa amin ay hindi kabilang sa amin.**

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (101).

Nangangahulugan ito na ang nagbebenta ay dapat maging malinaw at tapat sa kanyang pakikitungo, at huwag niyang purihin ang isang produkto na hindi karapat-dapat purihin, at huwag niyang takpan ang isa sa mga depekto ng produkto na hindi binibili ng mga mamimili, at huwag niyang taasan ang presyo ng kanyang paninda ng hindi makatarungan.

At sa hadith na ito ay may matinding pagbabawal sa kasuklam-suklam na kasalanang ito at karumal-dumal na katangian, na siyang pandaraya, at may panghihimok sa mga tao na iwasan ito at mag-ingat dito, dahil hindi pinahihintulutan ang isang Muslim na mandaya sa kanyang pangangalakal, at sa kanyang trabaho, sa kanyang pag-aaral, o sa anumang iba pang Gawain, Dahil ang pandaraya ay ipinagbabawal sa relihiyon ng Allah sa lahat ng anyo at uri nito.

# 25

Ayon kay Abu Umamah -kaluguran siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **((Sinuman ang pinagpuputol niya ang karapatan ng isang muslim sa pamamagitan ng kanyang panunumpa, ay tunay na itinalaga ng Allah sa kanya ang impiyerno, at ipinagbawal sa kanya ang paraiso))** ang sabi ng isang lalaki: oh Sugo ng allah, Kahit ba ito ay maliit na bagay lamang? sabi Niya: **Kahit na ito ay isang munting pamalo mula sa kahoy na Siwak)).** isinalaysay ito ni Imām Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang mga karapatan ng mga tao ay kabilang sa mga bagay na lubos na pinahahalagahan ng batas ng Islam.

Kaya hindi pinahihintulutan para sa atin na kunin mula sa sinuman ang alinman sa kanyang mga karapatan; maging iyon man ay pera o iba pa.

At Sa hadith na ito, ang Propeta -nawa'y sumakanya ang mga pagpapala ng Allah at kapayapaan- ay nagbabala sa atin mula sa pagkuha ng mga karapatan ng mga tao, at sinabi sa atin na sinuman ang kumuha ng mga karapatan ng isang Muslim sa pamamagitan ng isang huwad na panunumpa, ang kanyang kaparusahan ay sa pamamagitan ng pagpasok sa Impiyerno at pagkakait sa kanya ng pagpasok sa Paraiso.

At nang marinig ng mga kasamahan ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ang kasabihang ito, tinanong nila siya at sinabi: Oh Sugo ng Allah, kahit ba ito ay isang maliit na bagay lang? Ang Ibig sabihin: kasama ba sa parusang ito ang sinumang kumuha

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No (137).

ng Karapatan ng mga tao, kahit maliit at konting bagay lang? Ang Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay nagsabi: **"Kahit na ito ay isang munting pamalo mula sa kahoy na Siwak."** Ibig sabihin, ang pagkuha ng pera at karapatan ng mga tao ay isang malaking bagay, kahit na maliit na bagay lang ang kinuha; tulad ng isang munting pamalo mula sa kahoy na Siwak, at yun ay ang patpat ng siwak.

# 26

Ayon kay Abu Musa Al-Ash'ari -kaluguran nawa siya ng Allah- siya ay ipinadala ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan ng kapayapaan- at si Mu'adh sa Yemen, at sinabi sa kanila:**<< Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magbalita kayo ng nakalulugod at huwag kayong magpalayo ng damdamin, at sundin niyo ang isa't isa at huwag niyong salungatin ang isa't isa>>.** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ipinadala ng Propeta -sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah- ang dalawang dakilang sahabah (Kasamahan) sa Yemen, na sina Abu Musa al-Ash'ari at Muadh ibn Jabal; Upang ipalaganap ang relihiyon at turuan ang mga tao.

At bago sila maglakbay, ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagpayo sa kanila ng isang maikling payo, ngunit ito ay dakila na nagpapahayag.

**Sinabi niya sa kanila:<< magpadali kayo at huwag kayong magpahirap>>;** Kahulugan: makitungo kayo sa mga tao ng mahinahon, at iparating ang relihiyon ng Allah nang walang pagpapahirap o pagpapabigat, at sabihin ninyo sa mga lingkod ng Allah na ang relihiyon ay madali at walang mahirap o pagkaasiwa dito.

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Jihad at Paglalakad, Kabanata: Ang kinasusuklaman sa Mga Di-pagkakasundo at pagkakaiba sa Digmaan, No. (3038); At Muslim sa Aklat ng Jihad at Paglalakad, No. (1733), at ang mga salita ay kanya.

**At Sinabi rin niya sa kanila**: **“At balitaan niyo sila ng mabuting balita, at huwag silang itaboy.”** Ibig sabihin: Makipag-usap kayo sa mga tao tungkol sa kung ano ang nagbibigay sa kanila ng mabuting balita ng kagandahang-loob ng Allah, at kung ano ang makaka-engganyo sa kanila sa kung ano ang mayroon sa Allah, at huwag makipag-usap sa kanila sa paraang nagtataboy sa kanila mula sa pananampalataya at sa paggawa ng mabuti.

**Pagkatapos ay nagpayo siya sa kanila ng ikatlong mahalagang payo** para sa bawat dalawang magkapatid o dalawang magkaibigan. At sinabi niya -sumakanya ang kapayapaan at mga pagpapala ng Allah-: **“ at sundin ang isa’t isa at huwag niyo salungatin ang isa’t isa.”** Ibig sabihin ay: ang bawat isa sa inyo ay dapat sumunod sa kanyang kasama, at kung ang isa sa inyo ay nakita ang kanyang kasama na masigasig sa isang bagay, kung gayon siya ay dapat sumunod sa kanya; Upang iyon ay maging dahilan para sa pananatili ng pagmamahalan at ugnayan, at sa pagpapatuloy ng pagkakaibigan at pagsasama.

**Mula dito natutunan natin ang isang mahalagang bagay:** ang kaibigan na sumusunod sa kanyang mga kasama at hindi sumusuway sa kanila hangga’t maaari, ay Nakagawa siya ng isang Sunnah. Tungkol naman sa isa na nagpapadalas sa hindi pagsunod, pagtatalo at pagsalungat; tunay na siya -Sa Gawain niyang ito-, ay malayo sa Sunnah ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

# 27

Ayon kay Abu Musa al-Ash'ari -kaluguran nawa siya ng Allah-, na nagsabi: Ang Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Sino ang humawak ng sandata laban sa atin ay hindi siya kabilang sa atin."** napagkasunduan ang katumpakan nito((1)) .

## Ang Paliwanag

Ang katiwasayan ay isang dakilang biyaya mula sa Allah na Makapangyarihan sa lahat, at ito ay isa sa mga pangangailangan ng buhay.

Sa katunayan ay pinagkalooban ng Allah ang Kanyang mga lingkod ng biyayang katiwasayan, at sinabi ng Kataas-taasan: (***ay sumamba sila sa Panginoon ng Bahay na ito, na nagpakain sa kanila mula sa isang pagkagutom at nagpatiwasay sa kanila mula sa isang pangamba***(2)) .))

At Dahil sa kahalagahan ng pagpapanatili ng katiwasayan sa lipunan, ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagbabala laban sa paghawak ng sandata upang takutin ang mga tao, at pagpapalaganap ng pangamba sa kanila at pagbabanta sa kanila

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Fitan, kabanata ng sinabi ng Propeta -sumakanya ang mga panalangin ng Allah at kapayapaan-: "Sino ang humawak ng sandata laban sa atin ay hindi kabilang sa atin," No. (7071); At Muslim sa Aklat ng Pananampalataya, No. (100).

(2) : Surah Quraish, mga talata: 3-4.

ng kamatayan, Kabilang na rin dito ang pagsuway sa mga namumuno, paghahati sa tungkod ng pagsunod, at pagtiwalag sa grupo.

At sa kanyang kasabihan -nawa'y ang panalangin at kapayapaan ng Allah ay sumakanya- sa hadith na ito: **" Sino ang humawak ng sandata laban sa atin ay hindi siya kabilang sa atin "** ay katibayan na sinumang humawak ng kanyang mga sandata para doon, siya ay hindi kabilang sa kanyang mga tagasunod -nawa'y sumakaniya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- at tunay na ang kasalanang ito ay isa sa malalaking kasalanan.

# 28

Ayon kay Abdullah bin Mughaffal -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, tunay na ang Sugo ng Allah -nawa'y ang mga panalangin ng Allah at kapayapaan ay mapasakanya- ay ipinagbawal ang alkhadh'f -(pitikbato) ang paglagay ng maliit na bato sa pagitan ng mga hintuturo at pagkatapos ay ihahagis ((ipipitik)) ito)- at siya'y nagsabi: **((Ito ay hindi nakapapatay ng hayop, at hindi nakakapagtanggol [laban] sa kalaban, ngunit ito ay nakakabasag ng ngipin, at nakakatanggal ng mata))**. napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay masigasig na ituro sa mga tao kung ano ang makakabuti sa kanila at bigyan sila ng babala tungkol sa kung ano ang makasasama sa kanila sa kanilang relihiyon at makamundong buhay, Kaya, pinuri siya ng Allah -na Makapangyarihan sa lahat- at nagsabi:(***Talaga ngang may dumating sa inyo na isang Sugo kabilang sa mga sarili ninyo, na mabigat sa kanya ang anumang ininda ninyo, na masigasig sa inyo, na sa mga mananampalataya ay mahabaging maawain).***[(2)] at ikinararangal siya at sinabi: ***(Talaga ngang nagmagandang-loob si Allāh sa mga mananampalataya yayamang nagpadala Siya sa kanila ng isang Sugo kabilang sa mga sarili nila, na bumibigkas sa kanila ng mga tanda (mga talata) Niya, nagdadalisay sa kanila, at nagtuturo sa kanila ng***

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-adab, Kabanata: Ang Pagbabawal sa larong pitikbato, No. (6220); At Muslim sa Aklat ng Pangangaso at mga sakripisyo, No. (1954), ang mga salita ay kanya.

(2) : Surat At-Tawbah, Talata: 128.

***Aklat at Karunungan, bagamat sila dati bago pa niyan ay talagang nasa isang pagkaligaw na malinaw).*** ((3))

At Sa hadith na ito, ipinagbawal ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ang isang bagay na nakagawian ng ilang mga tao sa panahon ng Jãhiliya (kamang-mangan) at sa mga unang araw ng Islam, yun ay ang (alkhadh'f), at ito ay ang paghahagis ng mga maliliit na bato sa pamamagitan ng kamay. At ipinaliwanag ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ang dahilan ng pagbabawal, yun ay dahil ang (alkhadh'f) na ito ay walang pakinabang, hindi magagamit sa pangangaso at hindi rin makakatalo ng kalaban, sa halip ito ay isang bagay na nagdudulot ng pinsala, dahil pag ito ay tumama sa ngipin ay mababali niya ito, at pag tumama naman sa mata ay masisira niya ito.

At Ang pagbabawal na ito ay pangkalahatan para sa lahat ng tao, sa kanilang matatanda at mga bata, ngunit ang pangangailangan ng mga bata na ipaalala ito sa kanila ay higit na mahalaga; Dahil ang (alkhadh'f) ay maraming naglalaro nito sa kanila, kaya dapat silang payuhan, gab-ayan at turuan.

---

(3) : Surah Al Imran, Talata: 164.

# 29

Ayon kay Anas bin Mālik -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, na nagsabi: **<<naglingkod ako sa Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at pangalagaan- ng sampung taon at hindi siya kailanman nakapagsabi sa akin ng (uff) pagkasuya>>**. napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Nang lumikas ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- mula sa Makkah at nakarating sa Madina, dumating sa kanya si Umm Anas bin Malik -nawa'y kalugdan sila ng Allah-, at kasama niya si Anas (at siya ay sampung taong gulang), at sinabi niya: O Sugo ng Allah, ito ang aking anak na si Anas, dinala ko siya sa iyo upang paglingkuran ka, at tinanggap siya ng Propeta -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

At mula sa araw na iyon si Anas -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ay naging lingkod ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at pagkalooban siya ng kapayapaan- na tumatayong naglilingkod sa kanya, Ginagawa niya ang marami sa kanyang mga pangangailangan at gawain, at minsan lang siya humihiwalay sa kanya .

At Sa hadith na ito, si Anas -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ay nagkukuwento sa atin tungkol sa mga ugali ng Propeta -nawa'y sumakan-

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-adab, Kabanata: Magandang asal at kabutihang-loob, No. (6038); At Muslim sa Aklat ng mga Kabutihan, No. (2309).

ya ang panalangin ng Allah at ang kapayapaan- at sinabi niya sa atin na ang kanyang paglilingkod sa Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin ng Allah at ang kapayapaan- ay tumagal ng sampung taon, At sa mahabang panahon na iyon, hindi niya narinig mula sa Propeta -sumakanya nawa ang panalangin at kapayapaan ng Allah- ang isang salita ng pagsaway, paninisi o matinding pagpuna, kahit na ang salitang "uff" ay hindi niya kailanman narinig mula sa kanya -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

At Ito ay nagpapahiwatig sa kadakilaan ng mga kagandahang-asal ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- sa kanyang mga kasamahan, maging sila man ay mga bata o matanda, at maging sila man ay mga alipin o malalaking tao.

**At Mula sa hadith na ito ay natutunan natin ang isang mahalagang bagay:** ito ay ang pagiging mabait sa mga empleyado at tagapaglingkod sa ilalim ng ating mga kamay; dahil sila ay mga tao rin na katulad natin, at tungkulin natin sa kanila: na igalang sila, pahalagahan sila, at ibigay sa kanila ang kanilang mga karapatan.

# 30

Ayon kay Abu Hurairah -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Kung ang isa sa inyo ay tumayo mula sa kanyang upuan at pagkatapos ay bumalik doon, siya ang higit na may karapatan dito."** isinalaysay ni Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang ating relihiyon ay isang perpektong relihiyon, hindi ito nag-iwan ng maliit o malaking bagay na kapaki-pakinabang para sa atin sa mundong ito at sa kabilang buhay, liban na ipinaliwanag at nilinaw ito sa atin.

At kabilang doon ang ipinaliwanag niya sa atin sa hadith na ito, at ito ay isa sa mga moral (kagandahang-asal, disiplina) ng mga pagtitipon (lugar ng mga upuan).

**Ang moral (kagandahang-asal) na ito**: ay kapag ang isang tao ay umupo sa isang upuan at pagkatapos ay tumayo mula dito, at bumalik uli dito, kung gayon siya ay higit na may karapatan sa upuang iyon; kaya Walang ibang pwedeng kumuha nito sa kanya, at kung kailan siya babalik, siya ang may prayoridad sa mga tao sa kanyang upuan na kung saan siya doon tumayo.

---

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng (pag-bati ng) Kapayapaan, No. (2179).

**Kabilang doon ang**: lahat ng lugar na inuupuan, tulad ng mga pampublikong upuan, o sa mga mosque, o mga lugar-tipunan ng agham (pananaliksik), o sa mga silid-aralan, o iba pa.

Kung ang isang tao ay tumayo mula sa upuan at bumalik dito pagkatapos ng maikling panahon, kung gayon siya ay higit na may prayoridad at higit na karapat-dapat dito, Ngunit kung siya ay tumayo mula sa upuan at pagkatapos ay bumalik dito pagkatapos ng mahabang panahon, wala siyang karapatan dito; Tulad ng sinumang tumayo mula sa upuan pagkatapos ng dhuhr at bumalik dito pagkatapos ng as'r, o pagkatapos ng paglubog ng araw, o sa susunod pang araw; sa kalagayang ito wala siyang prayoridad sa upuang iyon, ni ang karapatan dito.

**At Ang Kapansin-pansin**: Marami sa mga pag-aaway (lalo na sa pagitan ng mga binatilyo) ay dahil sa mga upuan, lalo na sa mga tahanan at sa mga silid-aralan.

At kung susundin lang natin ang mga moral (kagandahang-asal ng islam) sa ating mga pagtitipon (upuan), tataas ang ating pagkaka-intindihan, at bababa ang ating mga awayan.

# 31

Ayon kay Abū Hurayrah -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi : **((Ang karapatan ng muslim sa kapatid niyang muslim ay anim: Kapag nakasalubong mo siya ay batiin mo, at kapag inimbitahan ka niya ay paunlakan mo, at kapag humingi siya ng payo ay payuan mo, at kapag siya ay bumahing at kanyang sinabi ang "Alhamdulillah", sabihin mong: "Yarhamukallah", at kapag siya ay nagkasakit, bisitahin mo siya at kapag siya ay namatay, makipaglibing ka sa kanya)).** Isinalaysay ni Muslim[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang isang Muslim ay may maraming karapatan sa isang Muslim, kabilang sa pinakamahalaga ay ang anim na karapatan na binanggit sa hadith na ito:

**Ang unang karapatan:** ang pagbati; Kung nakatagpo mo ang iyong kapatid, batiin mo siya, at kung batiin ka niya, ibalik mo sa kanya ang mga pagbati ng kapayapaan.

**Ang pangalawang karapatan:** Ang pagtugon sa paanyaya; Kapag inanyayahan ka niya ay tumugon ka sa kanyang imbitasyon, lalo na kung inanyayahan ka niya sa isang piging ng kasal; dahil ang pagtugon sa kanyang imbitasyon sa pagkakataong ito ay napaka halaga at mabigat na obligasyon.

**Ang ikatlong karapatan:** Ang payo; Kung ang iyong kapatid ay humingi ng payo sa iyo, o nagtanong sa iyo tungkol sa isang bagay, sabihin mo sa kanya kung ano yung gusto niya na may payo, katapatan at sinseridad.

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng (pag-bati ng) Kapayapaan, No. (2162).

**Ang ikaapat na karapatan:** At-tashmit (Pananalangin ng kabutihan at pagpapala); Kung bumahing ang iyong kapatid at pinuri ang Allah, dapat mo siyang ipananalangin [ng kabutihan at pagpapala], ibig sabihin, sabihin mo sa kanya: Yarhamukallah (Kaawaan ka ng Allah), at kung sasabihin mo sa kanya: Yar-hamukallah (Kaawaan ka ng Allah), dapat niyang sabihin: Yahdikumullah wa- yuslih balakum (Patnubayan ka nawa ng Allah at ituwid ang iyong isip).

**Ang ikalimang karapatan:** Ang pagdalaw; Ito ay ang pagbisita, at kung ang iyong kapatid na Muslim ay nagkasakit, dalawin mo siya (ibig sabihin; bisitahin mo siya), at tandaan na ang iyong pagbisita ay may malaking magandang epekto sa kanyang sarili, at marangal na gantimpala sa Allah.

**Ang ikaanim na karapatan:** Ang pagsama sa kanyang libing; dahil ang mga karapatan ng isang Muslim sa isang Muslim ay nagpapatuloy kahit sa pagkaraan ng kanyang pagkamatay, Kaya kapag siya ay namatay, sumama ka sa kanyang libing; Ibig sabihin, pumunta ka upang ipagdasal siya, pagkatapos ay pumunta ka sa sementeryo para sa paglibing sa kanya, at ito ay may isang dakilang kabutihan; dahil ito ay may matuwid na pagsusumamo para sa patay, at malaking gantimpala para sa buhay.

# 32

Ayon kay Abu Sa`īd Al-Khudrīy -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **((ipagkaloob ninyo sa daanan ang kanyang karapatan)),** Nagsabi sila: at Ano ang kanyang Karapatan? Nagsabi siya: **((Pagbaba ng paningin, at pagpigil sa mga nakakapinsala, at pagsagot sa pagbati, at pag-utos ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan)).** napagkasunduan ang katumpakan nito [(1)].

## Ang Paliwanag

Ang mga Tao Sa panahon ng Propeta -ang panalangin ng Allah at ang kapayapaan ay mapasakanya- ay madalas na nakaupo sa mga gilid ng mga kalsada (kalye), nagtitipon, nag-uusap at nagpapalagayang-loob.

Kaya sinabi sa kanila ng Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah-: "Huwag kayong maupo sa mga daanan", Sinabi nila: O Sugo ng Allah, hindi namin kayang iwasan ang pagtitipon sa inuupuan namin; Ibig sabihin ay kailangan namin ang mga inuupuang ito. Ang Propeta -sumakanya ang kapayapaan at pagpapala- ay nagsabi: "Kung ganun, ibigay ninyo ang karapatan ng daanan", Sinabi nila: Ano ang karapatan ng daanan? Kaya't sinabi niya sa kanila ang apat na karapatan mula sa mga Karapatan ng daan:

**Ang una:** Ang pagbaba ng paningin; Ang sinumang nakaupo sa kalsada at nakakita ng bukas na bahay, ay huwag tumingin doon, Gayon

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-Mazalim, kabanata ng mga patyo ng sahig at pag-upo sa mga ito at ang pag-upo sa mga Hagdanan, No. (2465); At Muslim sa Aklat ng Damit at Palamuti, No. (2121).

din ang sinumang makakita ng babae sa daan, ibaba niya ang kanyang paningin; Dahil ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:***( Sabihin mo sa mga lalaking mananampalataya na magbaba sila ng mga paningin nila at mangalaga sila sa mga ari nila. Iyon ay higit na dalisay para sa kanila. Tunay na si Allāh ay Mapagbatid sa anumang niyayari nila).***[(2)]

**Ang pangalawa**: pagpigil sa mga nakakapinsala; At iyon ay sa pamamagitan ng hindi pagpapasikip ng daanan, at hindi pagtatapon ng basura, dumi, at iba pa. na nakakapinsala sa mga tao.

**Ang ikatlo**: Ibalik ang pagbati ng salam; Kapag may nagsabi ng salaam, kung gayon ang mga nakaupo ay dapat magbalik ng pagbati ng salaam; Ang pagbati ng salam ay isang Sunnah at ang pagbabalik nito ay obligado. Sapagkat sinabi ng Makapangyarihang Allah:***( Kapag binati kayo ng isang pagbati ay bumati kayo ng higit na maganda kaysa roon o gumanti kayo roon. Tunay na si Allāh sa bawat bagay ay laging Mapagtuos).***[(3)]

**Pang-apat**: Ang Pag-uutos ng mabuti at pagbabawal ng masama; dahil Pinuri ng Allah ang mga mananampalataya sa pag-uutos ng mabuti at pagbabawal ng masama. Sinabi ng Makapangyarihan sa lahat: ***(Ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babaing mananampalataya ay mga katangkilik ng isa't isa sa kanila. Nag-uutos sila ng nakabubuti, sumasaway sila sa nakasasama, nagpapanatili sila ng pagdarasal, nagbibigay sila ng zakāh, at tumatalima sila kay Allāh at sa Sugo Niya. Ang mga iyon ay kaaawaan sila ni Allāh. Tunay na si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong).***[(4)]

---

(2) : Surat Al-Nur, Talata: 30.

(3) : Surah An-Nisa: Talata 86

(4) : Surah At-Tawbah, Talata: 71.

# 33

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar -kaluguran siya ng Allah, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **" Walang Karapatan ang taong muslim na mayroon siyang bagay na ihahabilin na magpalipas ng dalawang gabi maliban na ang habilin niya ay naisulat sa kanyang piling."** napagkaisahan ang katumpakan nito [(1)].

## Ang Paliwanag

Ang hadith na ito ay nagpapahiwatig ng pagiging lehitimo (pag-uutos) ng paghabilin para sa sinumang may ihahabilin.

Kapag ang isang tao ay may utang, o siya ay may zakat na hindi niya nailabas, o sa kanya ay may ipinagkatiwala, o ideniposito, o iba pang mga karapatan, kung gayon ang paghabilin ay obligado sa kanya.


Kung walang obligado sa kanya na Karapatan (utang, zakat na hindi niya nailabas, bagay na ipinagkatiwala o ideniposito sa kanya o iba pang mga karapatan), ang paghabilin ay hindi obligado para sa kanya, ngunit ito ay kanais-nais para sa kanya; At iyon ay sa pamamagitan ng paghabilin (pagpapamana) ng ikatlong bahagi ng kanyang ari-arian (o mas kaunti) para sa mga proyektong pangkabutihan at mga layuning pangkawanggawa.

---

(1) : Isinalaysay ni Al-Bukhari, sa Aklat ng mga Habilin, kabanata ng mga Habilin, No. (2738); At Muslim sa aklat ng Habilin, No. (1627).

**At Kabilang sa Kanais-nais na dapat tandaan dito:** na ang pagtatagubilin ay isasagawa kahit sa maliliit na bagay, tulad ng isang umutang ng maliit na halaga, o bumili ng paninda at ninais na bayaran ang halaga nito sa ibang-araw, at iba pang mga situwasyon na pabalik-balik na nangyayari sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao.

**At Mabuting tandaan din:** na ang paghahabilin ay walang tiyak na pormula, bagkus ang taong naghahabilin ay dapat na isulat kung ano ang nais niyang ihabilin sa isang malinaw at naiintindihan na paraan, kung isinulat niya ito sa isang piraso ng papel, o isinulat ito sa isang Email o sa pamamagitan ng mensahe sa telepono, o binigkas ito nang pasalita nang hindi nakasulat; Lahat ng iyan ay mabuti, at lahat ng iyan ay sapat, in shallah.



# 34

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar -kaluguran sila ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-, ay nagsabi: **<<Katotohanang si Allah ay ipinagbabawal sa inyo na manumpa kayo sa pamamagitan ng inyong mga ninuno, sinuman ang manunumpa dapat siyang manumpa sa Allah o mas mainam na manahimik>>.** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)] .

## Ang Paliwanag

Ang mga sahbah (mga Kasamahan ng propeta) -nawa'y kalugdan sila ng Allah-, sa simula ng kanilang pag-akap sa Islam, ay nanunumpa sila liban sa Allah ayon sa kanilang nakasanayan noong mga araw ng kamangmangan (hindi pa sila mga muslim); kaya sila ay nanunumpa sa pamamagitan ng kanilang mga ama (ninuno), at nanunumpa sila sa pamamagitan ng karangalan at katapatan, at iba pa.

Kaya't pinagbawalan sila ng Propeta -nawa'y ang mga panalangin ng Allah at kapayapaan ay mapasakanya- na manumpa sa iba maliban sa Allah, at si Umar -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ay isa sa mga nakarinig ng pagbabawal na ito, kaya't siya ay sumunod kaagad, at hindi dumaloy sa kanyang dila ang panunumpa liban sa Allah kailanman.

Sinabi ni Abdullah bin Omar pagkatapos niyang isalaysay ang hadith na ito: Si Omar -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ay nagsabi: Sumpaman

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga Panunumpa at Panata, Kabanata: Huwag manumpa sa pamamagitan ng inyong mga ninuno, No. (6646); At Muslim sa Aklat ng mga Panunumpa, No. (1646).

sa Allah, hindi ako nanumpa sa pamamagitan nito mula nang marinig ko ang Propeta -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- na ipinagbabawal iyon.

At Ito ang nararapat sa isang Muslim: Ang sumunod sa utos ng Allah nang matatag at determinado, nang walang pag-aalinlangan, pagpapaliban o kahinaan.

At Kabilang sa mga anyo ng panunumpa sa iba maliban sa Allah sa panahong ito ay ang kasabihan ng ilang tao: Sumpaman sa iyong buhay, at ang kanilang pagsabi ng: Sumpaman sa Propeta, at ang kanilang pagsabi ng: Sumpaman sa Kaaba.

Ang lahat ng ito ay mula sa ipinagbabawal na panunumpa, bagkus ito ay politeismo (pagtatambal) sa Allah.

Narinig ni Abdullah bin Omar -kalugdan siya ng Allah-, ang isang lalaki na nagsabi: Hindi, sumpaman sa Ka'aba! Sinabi sa kanya ni Ibn Umar: Huwag kang sumumpa sa anumang bagay maliban sa Allah; Dahil katotohanan narinig ko ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- na nagsabi: **"Sinuman ang nanumpa sa iba maliban sa Allah ay Talaga ngang tumangging sumampalataya o Nakagawa ng polytheismo (pagtatambal)."** Isinalaysay ni Ahmad, Abu Dawood at Tirmidhi[2], at Sinabi ni Al-Tirmidhi: Ito ay isang magandang hadith. At si Sheikh Al-Albani -nawa'y kaawaan siya ng Allah- ay itinuwid ito.

(2) : Isinalaysay ni Ahmad (10/249) No. (6072); at Abu Dawood sa Aklat ng mga Panunumpa at Panata, Kabanata sa kasuklam-suklam na Pagsumpa sa pamamagitan ng mga ninuno, No. 3251; At al-Tirmidhi sa mga kabanata sa mga panata at panunumpa, kabanata sa hindi pagkagusto sa panunumpa sa iba maliban sa Allah, No. (1535), Sinabi niya: Isang magandang hadith. Binigyang marka ito ni Al-Albani bilang tunay (tumpak) sa "Irwa Al-Ghalil" (8/189) No. (2561).

# 35

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: **"Hindi namimintas ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ng pagkain kailanman, kapag nagustuhan niya ito kakainin niya, at kapag hindi, iiwan niya ito."** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)] .

## Ang Paliwanag

Ang Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay marangal ang pag-uugali, at isa sa kanyang marangal na pag-uugali ay gusto niya ang mabubuting salita, at kinasusuklaman ang masasamang salita.

At sa hadith na ito ang isa sa mga kagandahang-asal ng Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin at kapayapaan ng Allah- kung ang pagkain ay inihain sa kanya, hindi niya ito kailanman pinipintasan, kaya hindi niya sasabihin: Ito ay malamig na pagkain, o ang pagkain na ito ay masama, o hindi hinog, o hindi Mabuti, O ito ay kulang sa asin, o iba pang uri ng pamimintas, sa halip ang kanyang ugali at pamamaraan: ay kapag ninasa niya ang pagkain at nagustohan, kakainin niya ito, at kung hindi niya ito gusto, iiwanan niya ito at hindi na niya sasabihan ng pamimintas.

---

(1) : Isinalaysay ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-manaqib, Kabanata: Ang katangian ng Propeta -sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- No. (3563); At Muslim sa Aklat ng mga Inumin, No. (2064).

Kaya Dapat nating sundin ang halimbawa ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- at huwag nating punain ang pagkain, Bagkus puriin at pasalamatan natin ang Allah sa Kanyang mga biyaya, at huwag tayo magsabi liban lamang sa mabubuting salita, at huwag tayo magsalita liban lamang sa busilak na salita.



# 36

Ayon kay Al-Bara bin Azib -kaluguran nawa siya ng Allah-, sinabi niya: **"Ang Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- Ang may pinakamagandang mukha sa mga tao at pinakamagandang itsura, Hindi siya matangkad ng sobra at hindi rin maigsi (pandak)."** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay ang may pinakamahusay na pagkatao, ibig sabihin ay ang may pinakamagandang moral, at diyan may sinabi ang Allah -ang Mapagpala at ang Kataas-taasan-, tungkol sa kanya: (***Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukdulan***).[(2)]

At kasama sa kagandahan ng ugali, ang kagandahan ng pagkatao; na ang ibig sabihin: magandang itsura at anyo. Kaugnay nito, nagsasabi ang dakilang sahaba (kasamahan ng propeta) na si Al-Bara bin Azib -nawa'y kaluguran siya ng Allah-: Ang Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ang may pinakamagandang mukha sa mga tao at may pinakamagandang itsura sa kanila.

Siya -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay katamtaman ang taas, hindi masyadong mataas; Ibig sabihin, hindi

(1) : Ito ay isinalaysay ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-manaqib, Kabanata ng Katangian ng Propeta, -sumakanya nawa ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah, No. (3549); At Muslim sa Aklat ng mga Kabutihan, No. (2337/ 93).

(2) : Surat Al-Qalam, Talata: 4.

siya masyadong matangkad, at hindi siya pandak -sumakanya nawa ang panalangin at kapayapaan ng Allah-.

At sa isa pang salaysay: Si Al-Bara bin Azib ay nagsabi: (Siya -sumakanya ang kapayapaan at pagpapala ng Allah- ay nasa katamtamang tangkad, magkalayo ang pagitan ng kanyang dalawang balikat, ang kanyang buhok ay umaabot sa kanyang mga tainga, Nakita ko siya na nakasuot ng pulang terno, Wala pa akong nakitang bagay na mas maganda sa kanya) [(3)].

At Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim Ayon kay Anas -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: "**Ang Sugo ng Allah -nawa'y sumakanya ang mga pagpapala ng Allah at kapayapaan- ay napaka aliwalas ng kulay**."[(4)]; Ibig sabihin siya ay Kulay puti na may halong mapula-pula.

At Sinabi ni Abu Huraira: (Ang Sugo ng Allah -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay kulay puti na parang ginawa mula sa pilak)[(5)].

Ayon kay Jaber bin Samora, sinabi niya: (Nakita ko ang Sugo ng Allah -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- sa gabing maaliwalas –ibig sabihin yun ay sa isang gabing maliwanag ang buwan– ginawa ko na tumingin sa kanya at sa buwan, talagang siya sa akin ay mas mainam kaysa sa buwan)[(6)].

Sumakaniya nawa ang panalangin ng Allah, at sa kanyang pamilya at mga kasamahan, At nawa'y bigyan sya ng maraming pagpapala at kapayapaan.

---

(3) : Ito ay isinalaysay ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-Manaqib, kabanata sa katangian ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-, No. (3551); At Muslim sa Aklat ng mga Kabutihan, No. (2337/ 91).

(4) : Ito ay isinalaysay ni Al-Bukhari sa Aklat ng Al-manaqib, kabanata sa katangian ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- No. (3547); At Muslim sa Aklat ng mga Kabutihan, No. (2330).

(5) : Ito ay isinalaysay ni Al-Tirmidhi sa "Al-Shama'il Al-Muhammadiyah" No. (12), at itinuwid ito ni Al-Albani bilang tumpak sa "Al-Sahihah" No. (2053).

(6) : Ito ay isinalaysay ni Al-Tirmidhi sa Aklat ng Al-adab, kabanata ng kung ano ang nakasaad sa pagbibigay gaan sa pagsuot ng kulay pula para sa mga lalaki, No. (3041), at sinabi niya: Ito ay isang magandang kakaibang hadith, at ito ay pinatotohanan ni Al- Albani sa Mukhtasar Al-Shamail, p. 8.

# 37

Ayon kay 'Amr ibn al-'Aas -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: Tinanong ko ang Propeta -sumakanya ang mga panalangin ng Allah at ang kapayapaan-: Sino sa mga tao ang pinakamamahal mo? Sinabi niya: **"Si Aisha",** Sinabi ko: Sa mga lalaki? Sinabi niya: **"Si Ama niya",** Sabi ko: pagkatapos ay sino pa? Sinabi niya: **"Pagkatapos ay si Umar bin Al-Khattab".** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)] .

## Ang Paliwanag

Ang dakilang Sahabah (kasamahan) na si 'Amr ibn al-'Aas -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, ay isa sa pinakadakila at pinakatanyag na mga kasamahan ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

Binanggit niya sa atin sa hadith na ito na tinanong niya ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- tungkol sa kung sino ang pinakamamahal na tao sa kanya, at ang Propeta -nawa'y sumakanya ang panalangin ng Allah at kapayapaan- ay sumagot na ang pinakamamahal na tao sa kanya ay: ang kanyang asawang si Aisha.

Muli Sinabi ni 'Am'r: Sino sa mga lalaki ang pinakamamahal sayo? Sinabi niya: Ang kanyang ama; Ibig niyang sabihin, si tatay ni Aisha, at siya ay si Abu Bakr as-Siddiq -kalugdan nawa siya ng Allah-.

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa aklat ng mga Kasamahan ng Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at pagkalooban siya ng kapayapaan- sa kabanata sa sinabi ng Propeta -pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-: "Kung kukuha ako ng isang kaibigan," No. (3662); At Muslim sa Aklat ng mga Kabutihan ng mga Sahabah (Kasamahan), No. (2384).

Muli ay sinabi ni ‘Am’r: Pagkatapos sino pa O Sugo ng Allah? Ang Propeta -nawa’y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: Si Umar bin Al-Khattab.

At ito ay isang napakalaking bentahe para sa tatlong marangal na mga sahabah (Kasamahan): Si Aisha, at si Abu Bakr at Umar, na sila ang pinakamamahal na mga tao sa Propeta -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan-.

Kabilang sa Dapat malaman: Na ang Ahlus Sunnah wal-jamah ay nakikita nila na ang apat na mga caliph (lider ng mga muslim pagkatapos mamatay ni propeta mohammad) sila ang pinakamahusay na mga sahabah (kasamahan), at ang kanilang pagkakasunud-sunod sa kahusayan (kabutihan) ay katulad ng kanilang pagkakasunud-sunod sa caliphate (pag-upo sa pamahalaan ng mga muslim pagkatapos mamatay ng propeta), Ang pinakamabuti (pinakamahusay) sa kanila ay si Abu Bakr As-Siddiq, pagkatapos ay si Omar Ibn Al-Khattab, pagkatapos ay si Othman Ibn Affan, pagkatapos ay si Ali Ibn Abi Talib -kaluguran nawa sila ng Allah-.

Sila na ito ang pinakamahusay na ummah ni Muhammad -nawa’y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- sa lahat kailanman, at kabilang sa tungkulin natin sa kanila at sa iba pang mga sahabah (kasamahan): ay mahalin sila, igalang sila, irespeto sila, at pag-hingi ng kaluguran ng Allah para sa kanila, nawa ang Allah ay malugod sa kanila at palugurin Niya sila.

# 38

Ayon kay Anas Ibn Malik -kaluguran siya ng Allah-, sinabi niya: **"Ang pinakamadalas na panalangin ng Sugo ng Allah -pagpalain siya ng Allah at pangalagaan- ay Allāhumma ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa fil -'ākhirati ḥasanatan wa qinā `adhāba -nnār (O Allah, bigyan Mo kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti, at ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Apoy)."** napagkasunduan ang katumpakan nito[(1)].

## Ang Paliwanag

Ang pagsusumamo ay isa sa mga pinakadakilang mabubuting gawa, at ito ay katibayan ng pagdakila sa Allah at monoteismo (pagbukod-tangi sa Allah), at isang dahilan para sa Kanyang awa, at kanyang pagpapatawad at kaluguran, at isang dahilan para sa Kanyang pagmamahal, at kanyang pagtanggap at pagbibigay.

Ang Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay madalas na gumagawa ng maraming pagsusumamo, at ang kanyang mga DU'A (pagsusumamo) ay laganap sa mga aklat ng Sunnah (Hadith); Tulad ng anim na aklat: Sahih al-Bukhari, Sahih Muslim, Sunan al-Tirmidhi, Sunan Abi Dawood, Sunan al-Nasa'i, at Sunan Ibn Majah.

---

(1) : Isinalaysay ito ni Al-Bukhari sa Aklat ng mga Panawagan, kabanata ng kasabihan ng Propeta, ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah ay sumakanya: Panginoon namin, bigyan mo kami ng kabutihan sa mundong ito, No. (6389); At Muslim sa Aklat ng Pag-alaala at Pagsusumamo, No. (2690).

Bagama't ang mga Du'a (pagsusumamo) ng Propeta -nawa'y ang mga panalangin ng Allah at ang kapayapaan ay mapasakanya- ay marami, liban na madalas niyang ginagawa ang pagsusumamo na ito: **"Oh Allah, ibigay mo sa amin sa mundong ito ang mabuti at sa kabilang buhay ang mabuti, at iligtas mo kami mula sa pagdurusa ng apoy."** Dahil ito ay isang dakilang pagsusumamo na binanggit sa Qur'an, na sumasaklaw sa kabutihan ng mundong ito at sa kabilang buhay.

Sinabi ni Sheikh Abdul Rahman Al-Saadi -nawa'y kaawaan siya ng Allah-[(2)]:

Ang kabutihang hinihiling sa mundong ito ay kinabibilangan ng lahat ng bagay na kanais-nais na nangyayari sa isang tao, Mula sa isang sapat at halal (legal) na kabuhayan, isang matuwid na asawa, isang anak na nakalulugod sa mata, ginhawa at kaligayahan, kapaki-pakinabang na kaalaman, matuwid na gawa, at iba pang mga kanais-nais na kahilingan.

At ang kabutihan sa Kabilang Buhay ay: Ang kaligtasan mula sa mga parusa sa libingan, sa kakila-kilabot na sitwasyon at sa apoy, at ang pagtatamo ng kaluguran ng Allah, pagtatamo ng walang hanggang kaligayahan, at pagiging malapit sa maawaing Panginoon.

Kaya ang Du'a (pagsusumamo) na ito ay naging pinakaganap na Du'a, at nangunguna sa kahigitan; Kaya naman ang Propeta -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay madalas na nagdu-du'a (nagsusumamo) sa pamamagitan nito at nanghihimok siya na gawin ito.

---

(2) : Sa kanyang Tafsir, kapag binigyang-kahulugan ang talata No. 201 ng Surat Al-Baqarah.

# 39

Ayon kay Abu Hurairah -nawa'y kalugdan siya ng Allah-, sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **"Kapag ang isang tao ay namatay, ang kanyang gawain ay naputol maliban sa tatlo: Patuloy na kawanggawa, kaalaman na napakikinabangan, o isang mabuting anak na nananalangin para sa kanya."** Isinalaysay ni Muslim((1)) .

## Ang Paliwanag

Inutusan ng Makapangyarihang Allah ang Kanyang tapat na mga lingkod na gumawa ng mga matuwid na gawa na maglalapit sa kanila sa Kanyang awa at magligtas sa kanila mula sa Kanyang poot at parusa.

Sinabi sa atin ng Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- sa hadith na ito na kung ang isang tao ay namatay, ang kanyang gawain ay naputol maliban sa tatlong bagay, at ang mga ito ay mga bagay na kung saan siya ay gagantimpalaan kahit pagkatapos niyang mamatay:

**Ang unang bagay:** Ang magbigay ng kawanggawa sa panahon ng kanyang buhay, kawanggawa na patuloy na dumadaloy; Katulad na lang na siya ay maghukay ng balon habang siya ay nabubuhay pa at ang balon na iyon pagkatapos ng kanyang kamatayan ay patuloy na nagbibigay pakinabang, kaya sa tuwing may nakikinabang sa balon, ang taong naghukay nito ay magkakaroon ng gantimpala para doon kahit na siya ay nasa kanyang libingan.

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa aklat ng pag-hahabilin, No. (1631).

At Halimbawa: pagpapatayo ng mga mosque, ospital, at paaralan, pagbibigay ng kawanggawa sa pamamagitan ng masa-hif (mga aklat ng Qur'an), at iba pang mga kawanggawa na patuloy na dumadaloy.

**Ang ikalawang bagay ay:** Ang kaalaman na napakikinabangan, kaya't sinuman ang nagturo sa mga tao, o nagpayo sa kanila at gumabay sa kanila, o nagsulat ng isang aklat o nakibahagi sa pag-iimprenta o pamamahagi, o paglathala ng kapaki-pakinabang na kaalaman, ang kanyang gantimpala ay patuloy na dumadaloy sa panahon ng kanyang buhay at pagkatapos ng kanyang kamatayan.

**Ang ikatlong bagay ay:** Ang mabuting anak (at ang salitang al-walad ay sumasaklaw sa salitang Batang lalaki at Batang babae), kapag ang isang lalaki ay pinalaki ang kanyang mga anak, o ang isang babae ay pinalaki ang kanyang mga anak sa matuwid na pagpapalaki, kung gayon ang lahat ng kanilang mabubuting gawain ay malalagay sa timbangan ng mabuti ng mga nagpalaki sa kanila, at gayundin kapag ang isang mabuting anak ay nananalangin para sa kanyang ina at ama, magpapatuloy ang kanilang gantimpala at parangal at ang kanilang biyaya sa Allah.



# 40

Ayon kay Jabir Bin Abdillah -nawa'y kalugdan siya ng Allah- sinabi niya: Ang Sugo ng Allah -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ay nagsabi: **((Bubuhayin ang bawat alipin ayon sa kalagayan ng kanyang pagkamatay)).** Isinalaysay ni Muslim[(1)] .

## Ang Paliwanag

Ang hadith na ito ay nagsasalita tungkol sa magandang wakas, at ito ay isa sa mga pinakadakilang bagay na inaalala ng mabubuti at matutuwid na mga tao mula sa mga Sahabah (Kasamahan) ng Propeta -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- hanggang sa kapanahunan nating ito.

At Ang kahulugan ng magandang wakas ay ang magtapos ang buhay ng isang tao habang siya ay nasa pananampalataya, kabutihan at matuwid na gawain.

Sa hadith na ito, ang ating Propeta -nawa'y sumakanya ang mga panalangin at kapayapaan ng Allah- ay nagsasabi sa atin na kapag ang isang tao ay namatay sa isang kalagayan, siya ay bubuhayin sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa ganoong kalagayan; Kaya ang sinumang namatay habang nagsasagawa ng mga ritwal ng Hajj o Umrah ay bubuhayin sa Araw ng Muling Pagkabuhay habang siya ay nagsasagawa ng talbiya (ritwal ng Hajj at Umrah), at sinuman ang namatay habang inaalala

(1) : Isinalaysay ni Muslim sa Aklat ng Paraiso at ang Paglalarawan ng Kaligayahan nito at ng mga Tao nito, No. (2878).

(sinasangguni) ang Allah ay bubuhayin sa Araw ng Muling Pagkabuhay habang inaalala ang Allah, at Sinumang namatay habang siya ay nasa kalagayan ng paggawa ng kasalanan ay bubuhayin sa Araw ng Muling Pagkabuhay habang ginagawa niya ang kasalanang iyon. Hilingin natin sa Allah ang kaligtasan at kaluwasan.

At dahil doon dapat sikapin natin na maiwasan ang masasamang gawain, at punan ang ating oras ng mabubuting gawa; Upang mag-wakas tayo sa isang magandang kawakasan, at upang tayo ay mabuhay sa Araw ng Muling Pagkabuhay habang tayo ay nasa awa, kapatawaran at kaluguran ng Allah.

٥. عن جابر بن عبد الله ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ:
**«بين الرجُلِ وبين الشِّركِ والكفرِ تَرْكُ الصَّلاةِ»**.
رواه مسلم

٦. عن أبي هريرة ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: **«المؤمنُ القويُّ خيرٌ وأحبُّ إلى الله من المؤمنِ الضعيف، وفي كُلٍّ خير»**. رواه مسلم

٧. عن عثمانَ بنِ عفَّانَ ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ:
**«من توضَّأَ لِلصَّلاةِ فأَسْبَغَ الوُضوءَ، ثُمَّ مشى إلى الصَّلاةِ المكتُوبةِ فصَلَّاها مع الجماعةِ، غفرَ اللهُ له ذنوبَه»**. رواه مسلم

٨. عن أبي هريرة ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: **«من كذَبَ عليَّ مُتعمِّدًا فلْيَتبَوَّأْ مقعَدَهُ من النَّار»**. متفق عليه

١. عن عبدِ اللهِ بنِ عُمَرَ بنِ الخطَّابِ ﵄ قال: قال رسول الله ﷺ: «**بُني الإسلامُ على خمسٍ: شهادةِ أن لّا إلٰهَ إلّا اللهُ، وأنَّ محمَّدًا رسولُ الله، وإقامِ الصلاةِ، وإيتاءِ الزَّكاةِ، والحجِّ، وصوم رمضانَ**».
متفق عليه

٢. عن أنسِ بن مالكٍ ﵁ قال: سُئِل النبيُّ ﷺ عن الكبائر، فقال: «**الإشْرَاكُ بِاللهِ، وعُقُوقُ الوالِدَينِ، وقتلُ النَّفْسِ، وشهادةُ الزُّورِ**». متفق عليه

٣. عن عبد الله بن عمرو ﵄ قال: قال رسول الله ﷺ: «**المُسلِمُ: مَن سَلِمَ المُسْلِمونَ مِن لسانِه ويَدِه**».
متفق عليه

٤. عن أبي هريرة ﵁ قال: قال رسول الله ﷺ: «**آيةُ المُنافقِ ثلاثٌ: إذا حدَّث كَذَبَ، وإذا وعَدَ أَخْلَفَ، وإذا اؤْتُمِنَ خانَ**». متفق عليه

١٣. عن أبي هريرة رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، قال: قال رسول الله ﷺ: **«أَقرَبُ ما يكونُ العبدُ مِن ربِّه وهو ساجِدٌ، فأَكْثِرُوا الدُّعاءَ»**. رواه مسلم

١٤. عن ثابت بن الضَّحَّاكِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، قال: قال رسول الله ﷺ: **«لَعْنُ المُؤْمِنِ كَقَتْلِه»**. متَّفقٌ عليه

١٥. عن أبي هريرة رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، قال: قال رسول الله ﷺ: **«قال اللهُ تبارك وتعالَى: يا ابْنَ آدمَ، أَنْفِقْ أُنْفِقْ عليك»**. متفق عليه

١٦. عن أبي هريرة رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ، قال: قال رسول الله ﷺ: **«ما يُصيبُ المُسلِمَ مِن نَصَبٍ ولا وَصَبٍ، وَلا هَمٍّ وَلَا حَزَنٍ، ولا أَذًى ولا غَمٍّ، حتَّى الشَّوْكَة يُشاكُها، إلَّا كَفَّرَ اللهُ بها مِن خَطاياه»**. متفق عليه

٩. عن عبد الله بن مسعود رضي الله عنه، قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: **«لا يدخلُ الجنَّةَ مَن كان في قلبِه مِثقالُ ذَرَّةٍ مِن كِبْرٍ»**. رواه مسلم

١٠. عن عثمانَ بنِ عفَّانَ رضي الله عنه، قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: **«خيرُكم مَن تعلَّمَ القُرْآنَ وعلَّمَه»**. رواه البخاري

١١. عن أبي هريرة رضي الله عنه، قال: قال رسول الله صلى الله عليه وسلم: **« كلمتانِ خفيفتانِ على اللسان، ثقيلتانِ في الميزان، حبيبتانِ إلى الرحمن: سبحانَ اللهِ وبِحَمْده، سبحانَ اللهِ العظيم»**. متفق عليه

١٢. عن أبي هريرة رضي الله عنه، قال: **«أَوصاني خليلي صلى الله عليه وسلم بِثلاثٍ: صيامِ ثلاثة أيَّامٍ مِن كُلِّ شَهرٍ، وَرَكْعتي الضُّحَى، وأَن أُوتِرَ قبل أن أنام»**. متفق عليه

٢١. عن أنس بن مالك رضي الله عنه، قال: قال رسول الله ﷺ: **«ما مِن مُسلمٍ يَغرِسُ غَرْسًا، أو يَزْرَعُ زرعًا، فيأكل منه طيرٌ أو إنسانٌ أو بهيمةٌ، إلَّا كان له به صدقة».**

متفق عليه

٢٢. عن أبي هريرةَ رضي الله عنه، قال: كان لرجلٍ على رسول الله ﷺ دَيْن، فجاء يتقاضاه وأَغْلَظ، فَهَمَّ به أصحابُ النبيّ ﷺ: فقال النبيُّ ﷺ: **«دَعُوهُ؛ فإنَّ لِصاحبِ الحَقِّ مَقالًا».** متفق عليه

٢٣. عن أبي قتادةَ رضي الله عنه، قال: قال رسول الله ﷺ: **«مَن سَرَّهُ أن يُنْجِيَهُ اللهُ مِن كُرَبِ يومِ القيامة، فَلْيُنَفِّسْ عن مُعْسِرٍ، أو يَضَعْ عَنه».** رواه مسلم

٢٤. عن أبي هريرة رضي الله عنه، قال: قال رسول الله ﷺ: **«مَن غَشَّنا فَلَيس مِنَّا».** رواه مسلم

١٧. عن أبي هريرة رضي الله عنه، قال: قال رسول الله ﷺ: **«لا تَدخلُونَ الجنَّةَ حتى تُؤْمِنُوا، ولا تُؤمِنُوا حتَّى تَحَابُّوا، أَوَلا أَدُلُّكُم على شَيءٍ إذا فَعَلتُمُوهُ تَحاببْتُم؟ أفْشُوا السَّلامَ بينكم»**. رواه مسلم

١٨. عن أبي سعيدٍ الخُدْري رضي الله عنه، قال: قال رسول الله ﷺ: **«لا يَنظُرُ الرَّجلُ إلى عورةِ الرَّجُلِ، ولا المَرأَةُ إلى عَورَةِ المَرأَة»**. رواه مسلم

١٩. عن الصَّعْبِ بنِ جَثَّامَةَ رضي الله عنه: أنه أَهْدَى إلى رسول الله ﷺ صيدًا، فردَّه النبي ﷺ عليه ولم يَقْبَلْه منه، فلمَّا رأى النبيُّ ﷺ ما في وجهه من الحُزْن، قال: **«إِنَّا لم نَرُدَّهُ عليك إلَّا أَنَّا حُرُمٌ»**. متفق عليه

٢٠. عن حذيفة بن اليَمَانِ رضي الله عنه، قال: قال رسول الله ﷺ: **«لا يدخلُ الجنَّةَ قتَّاتٌ»**. متفق عليه

٢٩.عن أنس بن مالك ﵁، قال: «**خَدَمْتُ النَّبِيَّ ﷺ عَشْرَ سِنِينَ، فما قال لِي أُفٍّ قَطُّ**». متفق عليه

٣٠.عن أبي هريرة ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: «**إذا قامَ أَحَدُكم مِن مَجْلِسِه ثُمَّ رجع إليه، فَهُوَ أَحَقُّ بِه**».
رواه مسلم

٣١.عن أبي هريرةَ ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: «**حقُّ المُسلمِ على المُسلم سِتٌّ: إذا لَقِيتَهُ فَسَلِّمْ عليه، وإذا دعاك فأجِبْهُ، وإذا اسْتَنْصَحَكَ فَانْصَحْ لَهُ، وَإِذَا عَطَسَ فَحَمِدَ اللّهَ فَشَمِّتْهُ، وإذا مَرِضَ فَعُدْهُ، وإذا ماتَ فَاتْبَعْهُ**».

٣٢.عن أبي سعيد الخدري ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: «**أَعْطُوا الطَّرِيقَ حَقَّهُ**»، قالوا: وما حقُّه؟ قال: «**غَضُّ البَصَرِ، وَكَفُّ الْأَذَى، ورَدُّ السَّلامِ، وَالأَمْرُ بِالمَعرُوفِ وَالنَّهيُ عَنِ المُنكَرِ**». متفق عليه

٢٥. عن أبي أُمَامَةَ ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: **«من اقْتَطَعَ حَقَّ امْرِئٍ مُسلِمٍ بِيَمِينِه، فقد أَوجَبَ اللهُ له النَّارَ، وحَرَّمَ عليه الجَنَّة»**، فقال رجل: يا رسولَ الله، وإن كان شيئًا يسيرًا؟ قال: **«وإِنْ قَضِيبًا مِن أَرَاكٍ»**. رواه مسلم

٢٦. عن أبي موسى الأشعريِّ ﵁، أنَّ النبيَّ ﷺ بَعَثَهُ ومعاذًا إلى اليَمَن، وقال لهما: **«يَسِّرَا ولا تُعَسِّرَا، وبَشِّرَا ولا تُنَفِّرَا، وتَطَاوَعَا ولا تَخْتَلِفَا»**. متفق عليه

٢٧. عن أبي موسى الأشعريِّ ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: **«من حَمَلَ عَلَينا السِّلاحَ فَلَيسَ مِنَّا»**. متفق عليه

٢٨. عن عبد الله بن مُغَفَّلٍ ﵁، أنَّ رسول الله ﷺ نَهَى عن الخَذْفِ، وقال: **«إِنَّها لا تَصِيدُ صَيدًا، ولا تَنْكَأُ عَدُوًّا، ولكِنَّهَا تَكسِرُ السِّنَّ، وَتَفْقَأُ العَيْنَ»**. متفق عليه

الناس أَحَبُّ إليك؟ قال: «**عَائِشَةُ**»، فقلتُ: مِنَ الرجال؟ قال: «**أَبُوهَا**»، قلت: ثُمَّ مَنْ؟ قال: «**ثُمَّ عُمَرُ بنُ الخطَّاب**». متفق عليه

٣٨. عن أنس بن مالكٍ ﵁، قال: كان أكثر دعاء النبيِّ ﷺ: «**اللَّهُمَّ آتِنَا في الدُّنيا حَسَنَةً وفي الآخِرَةِ حَسَنَةً، وَقِنَا عذابَ النَّارِ**». متفق عليه

٣٩. عن أبي هريرة ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: «**إذا ماتَ الإنسانُ انقَطَعَ عَمَلُهُ إلَّا مِن ثلاثةٍ: إلَّا مِن صدقةٍ جاريةٍ، أو عِلمٍ يُنْتَفَعُ به، أو ولدٍ صالِحٍ يَدْعُو له**». رواه مسلم

٤٠. عن جابر بن عبد الله ﵁، قال: قال رسول الله ﷺ: «**يُبْعَثُ كُلُّ عَبدٍ على ما ماتَ عليه**». رواه مسلم

٣٣. عن عبد الله بن عُمَرَ ﵄، قال: قال رسول الله ﷺ: **«ما حَقُّ امرِئٍ مُسلِمٍ لَهُ شَيءٌ يُوصِي فِيه، يَبِيتُ لَيلَتَينِ إلَّا وَوَصِيَّتُهُ مَكتُوبَةٌ عِندَه»**. متفق عليه

٣٤. عن عبد الله بن عُمَرَ ﵄، قال: قال رسول الله ﷺ: **«إِنَّ اللهَ يَنهاكُم أَن تَحْلِفُوا بِآبَائِكُم، مَن كان حَالِفًا فَليَحْلِفْ بِاللهِ أَوْ لِيَصْمُتْ»**. متّفقٌ عليه

٣٥. عن أبي هريرةَ ﵁ قال: **«مَا عَابَ النَّبِيُّ ﷺ طعامًا قَطُّ، إِنِ اشْتَهاهُ أَكَلَهُ، وَإِلَّا تَرَكَهُ»**. متفق عليه

٣٦. عن البراء بن عازبٍ ﵁، قال: **«كَانَ رَسُولُ اللهِ ﷺ أَحسَنَ النَّاسِ وَجْهًا، وَأَحسَنَهُمْ خَلْقًا، لَيسَ بِالطَّوِيلِ الْبَائِنِ، وَلَا بِالْقَصِيرِ»**. متفق عليه

٣٧. عن عَمْرو بن العاص ﵁، قال: سألتُ النبيَّ ﷺ: أيُّ

# INDEX


Ang Unang Hadith(( :Ang Islam ay itinayo sa lima….)) .

Ang Pangalawang hadith: ((Ang mga malalaking kasalanan: pagtatambal sa Allah, at pagsuway sa mga magulang....)) .

Ang Ikatlong Hadith: ((Ang Muslim ay yaong ligtas ang mga Muslim mula sa kanyang dila at kamay )) .

Ang Ikaapat na Hadith: ((Ang mga palatandaan ng mapagkunwari (munafiq) ay tatlo…)).

Ang Ikalimang Hadith: ((Ang pagitan ng isang tao at polytheismo (pagtatambal) at pagtataksil ay ang pag-iwan ng pagdarasal (salah))).

Ang Ikaanim na Hadith: ((Ang isang malakas na mananampalataya ay mas mabuti at higit na matimbang sa Allah….)) .

Ang Ikapitong Hadith: (( Sinuman ang nagsagawa ng paghuhugas (ablusyon) para sa pagdarasal, at isinagawa ng ganap ito….)) .

Ang ikawalong Hadith: ((Sinuman ang sinasadyang magsinungaling tungkol sa akin….)).

Ang Ikasiyam na Hadith: ((Ang sinumang may bigat ng isang atomo ng pagmamataas sa kanyang puso ay hindi makakapasok sa Paraiso….)) .

Ang ikasampong Hadith: ((Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong mga nag-aaral ng Qur’an at nagtuturo nito….)).

Ang ikalabing-isang Hadith: ((Dalawang salita na magaan sa dila….)) .

Ang Ikalabing dalawang Hadith: ((Nagpayo sa akin Ang aking matalik na kaibigan -sumakanya ang pagpapala ng allah at kapayapaan- ng tatlong bagay….)).

Ang Ikalabintatlong Hadith: ((mas malapit ang alipin sa kanyang Panginoon kapag siya ay nagpapatirapa)).

Ang Ikalabing apat na Hadith: ((Ang pagsumpa (pag-mumura) sa isang mananampalataya ay tulad ng pagpatay sa kanya))

Ang Ikalabing limang Hadith: ((O anak ni Adan, gumugol ka, at gugugol ako para sayo)).

Ang Ikalabing anim na Hadith: ((Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman….)).

Ang Ikalabing pitong Hadith: ((Hindi kayo makakapasok sa Paraiso hangga't hindi kayo maniniwala….)).

Ang Ikalabing walong Hadith: ((Huwag tumingin ang lalaki sa pribadong bahagi ng isang lalaki….)).

Ang Ikalabing siyam na Hadith: ((Tunay na hindi namin ito ibinalik sa iyo maliban sa kami ay nasa kalagayan ng Ihram)).

Ang Ika Dalawampung Hadith: ((Hindi makakapasok sa Paraiso ang qattat {sinumang nagpapakalat ng tsismis na nakasisira})).

Ang Ika Dalawampu't isang Hadith: ((Walang Muslim na nagtatanim ng pananim….)).

Ang Ika Dalawampu't dalawang Hadith: ((Hayaan ninyo siya, sapagkat ang nagmamay-ari ng karapatan ay may katuwiran)).

Ang Ika Dalawampu't tatlong Hadith: ((Ang sinumang ikagagalak niya na iligtas siya ng Allāh mula sa hapis ng Araw ng Pagkabuhay)).

Ang Ika Dalawampu't apat na Hadith: ((Sino ang nanlinlang sa amin ay hindi kabilang sa amin)).

Ang Ika Dalawampu't limang Hadith: ((Sinuman ang pinagpuputol niya ang karapatan ng isang muslim sa pamamagitan ng kanyang pag-sumpa….)).

Ang Ika Dalawampu't anim na Hadith: ((Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap….)).

Ang Ika Dalawampu't pitong Hadith: ((Sino ang humawak ng sandata laban sa atin ay hindi siya kabilang sa atin)).

Ang Ika Dalawampu't walong Hadith: ((ipinagbawal ang alkhadh'f ((pitik-bato)) {ang paglagay ng maliit na bato sa pagitan ng mga hintuturo at pagkatapos ay ihahagis ((ipipitik)) ito})).

Ang Ika Dalawampu't siyam na Hadith: ((naglingkod ako sa Sugo ng Allah, -pagpalain siya ng Allah at pangalagaan- ng sampung taon….)).

Ang Ika Tatlumpung Hadith: ((Kung ang isa sa inyo ay tumayo mula sa kanyang upuan at pagkatapos ay bumalik doon….)).

Ang Ika Tatlumpu't isang Hadith: ((Ang karapatan ng muslim sa kapatid niyang muslim ay anim….)).

Ang Ika tatlumput dalawang Hadith: ((ipagkaloob ninyo sa daanan ang kanyang Karapatan….)).

Ang Ika tatlumput tatlong Hadith: ((Walang Karapatan ang taong muslim na mayroon siyang bagay na ihahabilin….)).

Ang Ika tatlumput apat na Hadith: ((Katotohanang si Allah ay ipinagbabawal sa inyo na manumpa kayo sa pamamagitan ng inyong mga ninuno….)).

Ang Ika tatlumput limang Hadith: ((Hindi nanirang-puri ang Propeta, -nawa'y pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- ng pagkain kailanman….)).

Ang Ika tatlumput anim na Hadith: ((Ang Sugo ng Allah, -pagpalain siya ng Allah at bigyan siya ng kapayapaan- Ang may pinakamagandang mukha sa mga tao….)).

Ang Ika tatlumpu't pitong Hadith: ((Sino sa mga tao ang pinakamamahal mo….)).

Ang Ika tatlumpu't walong Hadith: ((O Allah, bigyan Mo kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng Mabuti….)).

Ang Ika tatlumpu't siyam na Hadith: ((Kapag ang isang tao ay namatay, ang kanyang gawain ay naputol….)).

Ang Ika-Apatnapung Hadith: ((Bubuhayin ang bawat alipin ayon sa kalagayan ng kanyang pagkakamatay…)).

مركز أصول
OsoulCenter
www.osoulcenter.com

Chat in your language

Conversation about Islaam in several languages

OSOUL STORE

To download the book and other books in several languages

GUIDE TO ISLAM

For more information about Islaam